# ANG PANANALANGIN SA GETSEMANI

Dulang Pampelikula

Filipino

**BUOD:**

Matapos suwayin ang kanyang mga magulang, sapilitang ipinatapon si Dave sa "Getsemani Home for Boys," isang pansamantalang tahanan para sa mga kabataang naliligaw ng landas. Dito, tatlo ang pangunahing patakarang mahigpit na ipinatutupad. Una, manalangin madalas at sa tamang oras. Pangalawa, bawal hawakan ang isa't isa maliban na lamang kapag nagdarasal. At panghuli, huwag na huwag lalabas sa bakuran ng compound. Ngunit hindi magiging madali ang pagsunod sa mga ito lalo pa't makasasalamuha niya si Nathan, ang sakit sa ulo ng mga tagapamahala; at ang mga nakatira sa katabing gubat na paminsan-minsa'y bumibisita. Sa kanyang pananatili sa Getsemani, matutuklasan niyang hindi lahat ng dalangin sa langit ay nasasagot, at hindi lahat ng sagot sa dalangin ay nanggagaling sa langit.

1. **EXT. HARDIN. DAY. 2006.**

Bahay na bato. Malaki. Luma. Parang panahon pa ng mga Kastila noong itinayo, pero mukhang bagong ayos lang. Walang kalapit na kapitbahay. Walang taong nakikita mula sa labas, ngunit naririnig ang sabay-sabay na pagsigaw ng mga lalaki sa loob. Hindi maintindihan ang kanilang sinasabi. Tunog nananalangin. Tunog umaawit. Papadilim na.

Sa dulong sulok ng bahay ay may maliit na hagdan pababa. Papuntang basement. Bubukas ang pinto. May lalabas. BATANG KALBO, 12 taon, humihingal. Umiika sa paglakad. May mga pasa. May tali pa sa isang braso. Titigil. Yuyuko. Hahabulin ang hininga. Tutunghay.

Sa harap niya ay isang hilera ng mga puno na nagsisilbing patoto ng lupa. Walang bakod. Walang pader. Nasa pagitan siya ng bahay at ng kakahuyan. Lilingunin niya ang bahay na pinanggalingan. Mas malakas na ang mga dasal galing sa loob. Ngunit parang tinatawag siya ng gubat. Parang may mga anino sa loob na inaanyayahan siyang pumasok.

Kahit may pag-aalinlangan, hahakbang siya palapit sa mga puno, papasok sa gubat. Unti-unti siyang kakainin ng dilim.

**TITLE CARD / OBB**

2. **IE. KOTSE. DAY. 10 YEARS LATER – PRESENT DAY.**

Blanko ang mukha ni DAVE, 16. May pasa sa kirat na kanang mata. May kaunting galos sa kaliwang pisngi. Putok ang labi. Pinapanood lang ang mga sanga ng mga punong nadaraanan mula sa backseat. Ang kanyang PAPA, 50, nagmamaneho, katabi ang kanyang MAMA, 40.

MAMA

*(lilingunin ang anak)*

Kaunting tiis lang, anak. Three months lang ‘yan.

Before you know it, tapos na ‘yan.

PAPA

*(sisinghal)*

‘Wag mo ngang baby-hin ‘yan. Hindi dalaginding ‘yan!

Binata na ‘yang anak mo.

Parang walang naririnig si DAVE.

**3. EXT. FRONT YARD. DAY. MOMENTS LATER.**

Titigil ang kotse sa harap ng isang bahay na bato. *Getsemani Home for Boys.* May lumang karatula sa harap. Sa tabi, nakahilera ang staff ng bahay, nakaabang sa kanilang pagdating: si PASTOR ALASTOR, 55, naka-pomada ang buhok, maamo ang mukha; si SAUL, 27, isa sa mga coordinators, matangkad, mabagal at mahinahon ang kilos; si PORTIA, 25, coordinator din na laging excited; at si DOLORES, 35, katiwala. Lahat nakaputi. Lahat nakangiti.

Bababa sa kotse sina DAVE at ang kanyang MAMA at PAPA.

PAPA

Pasensya na po at medyo nahuli. Naligaw kasi kami.

PASTOR

*(malumanay ang boses)*

Naku, wala pong problema. Mahirap talagang hanapin ‘tong lugar namin.

Makikipagkamay si PASTOR kina MAMA at PAPA.

MAMA

Ito ‘yung bunso namin, mahal na Pastor. Si Dave.

Tatango si Dave. Titingnan siya ni PASTOR mula ulo hanggang paa.

DAVE

Good morning po.

PASTOR

*(nakangiti)*

Good morning din, iho.

*(sa mga magulang)*

Napakagalang naman pala nitong si Dave. Pero hindi po ba kayo nasabihan na bawal ang shorts dito sa Getsemani?

SAUL

Pasensya na, Mahal na Pastor. Hindi ko nga yata nasabi.

PASTOR

OK lang. Mamaya ay magpalit na lang sya ng pang-ibaba, ano? May baon naman siyang pantalon?

*(sesenyas na siya's sundan)*

Bukod d'yan, dito sa Getsemani, tatlo lang naman ang main rules namin.

Papasok sila sa loob ng bahay.

**4. INT. SALA/LOBBY. DAY. CONTINUOUS.**

Isang higanteng portrait ni PASTOR ang babati sa kanila. Nakapinta ito sa wall. Sa harap nito, may mesa, may mga bulaklak. Itinu-tour ni PASTOR sina DAVE, MAMA at PAPA.

PASTOR

Una, manalangin sa tamang oras. Madalas ang prayer namin dito. Bago at pagkatapos kumain, bago matulog, at araw-araw ay nagsasama-sama rin ang lahat sa garden para magdasal nang sabay-sabay.

Sa lobby, may mga group pictures ng iba't ibang batch ng mga campers mula sa nagdaang taon. Lahat sila sa photos, maigsi ang buhok, naka-pantalon, nakakulay abo.

**5. INT. HALLWAY. DAY. MOMENTS LATER.**

Dadalhin ni PASTOR ang grupo sa kwarto ni DAVE, na nasa pangalawa mula sa dulo.

PASTOR

Ikalawa, bawal ang physical contact sa ibang campers, maliban na lang kung nasa group setting sila.

Ipapasok ni DOLORES ang mga bags ni DAVE. Sisilipin ni MAMA ang kwarto.

MAMA

Wala pong roommates?

PASTOR

Wala. Kanya-kanyang kwarto bawat isa. At wala ring cellphone. Hindi n'yo sila pwede makausap sa tatlong buwang mamamalagi siya dito. Para sa ikaliligtas niya.

Tatango lang si MAMA at papasok sa kwarto.

**6. INT. DAVE'S ROOM. DAY. CONTINUOUS.**

Bubuksan ni DOLORES ang mga bintana. Mauupo sa kama si MAMA. Si PAPA naman, nasa pintuan lang, sasandal. Si DAVE, parang nag-aalangang pumasok. Sa dingding na nakaharap sa kama, may portrait ni PASTOR, nakaputi, nakangiti.

PASTOR

Ikatlo, bawal lumabas sa compound nang walang paalam. Dapat alam namin kung nasaan ang lahat. Mahirap na.

Lalapit si DAVE sa bintana, sa may tabi ni PASTOR. Sisilip. Makikita ang hardin sa likod-bahay. Malawak ito. Natatakpan ang lupa ng bagong tabas na mga damo. May kakaunting mga puno ngunit napapalibutan ng mga bulaklak. Sa isang banda, may kulungan ng mga ibon. Kitang-kita rin ang kalapit na gubat. May bakod na gawa sa bakal na net sa pagitan. May nakasabit, "BAWAL TUMAWID."

Sa hardin, may ilang campers na nagwawalis, nagdidilig, at nagpapakain ng mga kalapati. Mapapatingin si DAVE sa isa sa kanila, sa pinakamagaslaw at malikot sa kanila, si NATHAN, 17.

PAPA

Mahal na Pastor, kailangan na po naming mauna at baka abutan pa kami ng gabi sa daan.

PASTOR

O s'ya, sige, 'wag n'yong alalahanin si Dave. Nasa ligtas na kamay siya dito.

PAPA

Kayo ho na ang bahala sa kanya. Sana hindi pa huli at magbago pa siya.

PASTOR

Walang huli pagdating sa Panginoon. Ang importante ay dinala n'yo dito para maituwid natin.

Si DAVE, naririnig ang usapan pero hindi lang umiimik. Nakatingin lang kay NATHAN na biglang mapapalingon din sa kanya. Ngingitian at sasaluduhan siya nito. Mistulang mapapahiya si DAVE. Iiwas ng tingin at tatalikod.

**7. INT. PASTOR'S OFFICE. DAY. LATER.**

Si PASTOR, nasa likod ng mesa. Binabasa ang file ni DAVE, na tumitingin lang sa paligid. Makikita ang iba-ibang awards ng Getsemani Home. Makikita rin ang ilang larawan ni PASTOR kasama ang mga pulitiko at ilan pang mga bigatin sa lipunan. Napakarami ring portraits ni PASTOR. Sa isang gilid, may sofa.

PASTOR

*(tuturo sa black eye)*

Anong nangyari d'yan?

Hindi sasagot si DAVE. Tinitingnan lang ang paligid.

PASTOR

*(mukhang nag-aalala)*

Masakit pa rin ba? Mahilig ka bang makipag-away? Hindi namin kinukunsinti ang basag-ulo kaya hindi mo pwedeng gawin 'yan dito ha?

Wala pa ring imik.

PASTOR

Sabihin mo sa akin, how are you feeling?

Mapapansin ni DAVE na may pinto sa likod ng upuan ni PASTOR. Ngunit nakasara ito.

PASTOR

*(malumanay)*

'Wag kang mahiya. Ano bang nararamdaman mo? Hiya? Pagsisisi?

Iiwas lang ng tingin si DAVE.

PASTOR

Galit?

Mapapatingin si DAVE. Tatama ang tingin sa kausap.

PASTOR

Galit kanino? Sa mga magulang mo? Sa sarili mo?

*(beat)*

Naku, sumagot ka naman, iho. Sayang naman ang boses na binigay sa'yo ng Diyos kung hindi mo gagamitin!

*(beat)*

Kanino ka ba galit?

DAVE

*(pabulong)*

Sa lahat. Sa mundo.

PASTOR

*(napatawa)*

Sa mundo? Hindi – Walang kasalanan ang mundo sa'yo. Na nagpapadaig ka sa tawag ng masama. Na napalayo ka sa tuwid na landas. Hindi kasalanan ng mundo 'yun. Kasalanan mo 'yun dahil pinili mo 'yun. Pinili mo 'yun dahil mahina ka.

Tatango si DAVE.

PASTOR

*(bubuklatin ang isang folder)*

Anyway, may mga hindi ka sinagutan dito sa form.

Walang imik.

PASTOR

Do you masturbate?

Mapapatingin si DAVE pero hindi pa rin sasagot.

PASTOR

Hindi mo sinagutan sa form. Nagsasalsal ka ba?

Do you pleasure yourself?

*(beat)*

Well?

Tatango si DAVE.

PASTOR

Gaano kadalas?

*(beat)*

Gaano kadalas? Once a month? Once a week?

Once a day?

Nahihiya siyang sumagot.

PASTOR

*(malumanay pa rin pero halata na ang inis)*

Gaano ka kadalas magsalsal?

Ihahampas ni PASTOR ang folder sa mesa. Magugulantang si DAVE.

DAVE

Once a day! Once a day!

PASTOR

*(balik sa malumanay na boses)*

Nagsasalita ka naman pala.

*(beat)*

Have you had sex with a woman?

Iiling si DAVE.

PASTOR

Eh with a man?

Iiling ulit.

PASTOR

Nagnasa ka na bang sekswal sa isang babae?

Iiling.

PASTOR

Mabuti naman. Baka maaagapan ka pa. Mukha ka namang mabait na bata. Sabi nga sa Bibliya, Matthew 26:41. Alam mo ba 'yun?

Hindi pa rin iimik si DAVE.

PASTOR

Matthew 26:41. “Magbantay kayo at manalangin upang hindi madaig ng tukso. Ang kaluluwa man ay nakahanda…

DAVE

*(pabulong)*

… Ngunit ang laman ay mahina.

PASTOR

Ayun. Ayun naman pala. Mahusay. Mahilig ka rin sigurong magbasa ng Bible, ano? Lagi mo lang tatandaan ‘yan. Kahit ang espiritu mo ay nakahanda, ang katawan ay mahina kaya’t dapat paglabanan. Palalakasin natin ‘yan dito sa Getsemani.

Tatango muli si DAVE.

**8. INT. DAVE’S ROOM. NIGHT. LATER.**

Nakaupo sa kama si DAVE. Nagpapanggap na may gitara. Titigil. Mapapasulyap sa portrait ni Pastor. Parang nakatitig sa kanya. Tatayo siya para mas makita nang malapitan. Uusog siya pakanan. Pakiramdam niya ay sinusundan siya ng tingin nito.

Lalapit siya sa bintana. Mauupo. Makikita ang hardin na naiilawan pa nang bahagya mula sa liwanag na galing sa loob ng bahay. Ngunit ang gubat, madilim. Parang sumasayaw ang mga dahon. Parang kumakaway.

Hihiga. Papanoorin ang ikot ng ceiling fan. Babangon ulit. Mapapansin na may framed picture din si Pastor sa side table niya. Bahagya itong nakatagilid. Sa likod ng picture, may makikitang maliit na liwanag na sumisilip sa dingding. Hindi niya ito papansinin.

May kakatok. Bubuksan niya ang pinto. Walang tao. Isasara niya ulit. Maririnig muli ang katok. Bubuksan ang pinto. Wala pa rin. Sisilip siya sa hallway. Walang tao.

Katok ulit. Ah, mukhang hindi sa pinto galing ang katok kundi sa dingding. Lalapit siya dito. Galing yata sa kabilang kwarto. Makikita niya muli ang liwanag galing sa butas sa dingding. Patayo ang butas, nasa 5 cm ang haba, 2 mm ang kapal.

Maya-maya, may maliit na papel na lilitaw mula sa butas. May nakasulat dito. Babasahin niya. *WELCOME TO HELL. HAHAHA.* May drawing din ito ng demonyong may sungay. Nakangiti.

Mawi-weirduhan siya pero hindi niya papansinin. Wala siya sa mood makipagkulitan. May isa pang papel: *JOKE LANG. ☺*

Babasahin niya lang pero hindi siya sasagot. Tatakpan niya ng framed picture ni Pastor ang butas. Matutulog na siya.

**9. INT. DINING ROOM. THE NEXT DAY.**

Almusal. Ihinahanda na ni DOLORES ang mga plato. Naka-puti ito. Pagpasok ni DAVE, ituturo ni SAUL kung saan ang kanyang upuan. Mabagal talaga siya kumilos. Si PORTIA naman, parang laging nagmamadali. Unti-unti na ring nagsisipagdatingan ang iba. May mahigit 20 campers sa mesa. Mauupo sa tabi niya si NATHAN. Ngingitian siya nito.

NATHAN

Uy itlog na naman! Tamang-tama, Daniel o.
Balita ko mahilig ka sa itlog!

Magtatawanan ang lahat.

DANIEL

Gago ka.

SAUL

Oy, baka marinig ka.

NATHAN

Wala namang masama d'un. Masarap naman talaga ang itlog, lalo na kung maalat-alat. 'Di ba Ate Dolores?

DOLORES

Susmaryosep kang bata ka!

Ihahain ni SAUL ang hotdog.

NATHAN

OH MY GOODNESS! MAY ITLOG NA, MAY

HOTDOG PA? SARAP N'YAN.

Tawanan ulit ang lahat, maliban kay DAVE na mukhang naiirita sa kakengkoyan ni NATHAN.

NATHAN

*(haharap kay Dave)*

Di ba?

'Di iimik si DAVE.

NATHAN

Nathan nga pala.

Iaabot ni NATHAN ang kanyang kamay ngunit…

PASTOR

Ahem.

Babawiin ni NATHAN ang kamay niya. Mauupo na si PASTOR sa kabisera.

PASTOR

*(malumanay)*

Taas ng energy natin, Nathan ah? I-channel mo naman 'yang excitement mo sa dasal… Lead the prayer.

Lahat ay yuyuko at ipagdadaop ang mga palad sa harap, maliban kay DAVE na hindi alam ang gagawin. Gagaya na lang siya sa mga katabi at katapat.

PASTOR

Well, Nathan? Ikaw ang mag-lead.

Halatang napipilitan lang si NATHAN.

NATHAN

Panginoon, maraming salamat po sa bagong araw at sa mga kasalo ko ngayong umaga. Maraming salamat po sa special na special na tender and juicy hotdog na nasa harap namin. Hindi ko alam kung anong kabutihan ang nagawa namin kahapon at

pinagkalooban niyo kami ng naaaapakasarap na tender and juicy hotdog ngayong araw… Sana every day. Amen.

Nagpipigil sa pagtawa ang lahat. Mapapatingin ang lahat kay PASTOR na nakangiti pa rin pero matatalim ang mga tingin. Parang nagpipigil ng damdamin.

Tatahimik ang lahat.

PASTOR

*(nakangiti)*

Saul. Hindi na muna mag-aalmusal si Nathan.

SAUL

Pero hindi pa siya kumakain simula kahapon.

PASTOR

At sinong dapat sisihin doon?

Hindi iimik si SAUL.

PASTOR

Saul?

Hindi kumikibo si SAUL. Madidismaya si PASTOR.

PASTOR

Ikaw na lang ang kumuha, Dolores.

Tatayo si DOLORES para bawiin ang plato ni NATHAN.

PASTOR

OK na. O siya, kain na tayo.

Magsisimula si PASTOR. Walang ibang kakain. Nakatingin kay NATHAN.

PASTOR

*(malumanay)*

Kakain ba kayo o gusto nyong samahan si Nathan?

Magpapakiramdaman ang lahat. Mauunang sumubo si DAVE.

Tatayo si NATHAN at magtatangkang mag-walk out.

PASTOR

Hindi. Maupo ka riyan.

Susunod si NATHAN. Pinapanood lang ang lahat kumain habang siya ay kumakalam ang tiyan. Maaasiwa si DAVE kumain.

**10. EXT. HARDIN. DAY. LATER.**

Tinuturuan ni SAUL si DAVE magpakain ng mga kalapati. Napapansin niya na banayad ang kilos ni SAUL. Dahan-dahan kung magsalin ng patuka mula sa sisidlan.

SAUL

Basta dalawa hanggang tatlong beses ang pagpapakain.

DAVE

Para saan ang mga kalapati?

Parang wala sa sarili si SAUL. Nakatingin sa may bakod. Nakatayo sa likod nito ang isang BATANG KALBO. Nakatingin sa kanila.

DAVE

Saul?

Wala pa ring imik si SAUL. Nakatitig pa rin sa BATANG KALBO.

DAVE

May paggagamitan ba ang mga ito?

Mapapatingin din si DAVE sa bakod. Makikita niya kung saan nakatingin si SAUL.

DAVE

Dito rin siya sa Getsemani?

SAUL

Ha? Alin?

DAVE

‘Yung bata?

Lilingunin ulit ni DAVE ngunit wala nang tao sa bakod.

SAUL

Ano ngang tanong mo ulit? Ah, oo, kung para saan ito? Sa huling araw n’yo dito, bawat isa sa inyo magpapakawala ng kalapati. Paliliparin. Parang graduation ceremony, alam mo na.

DAVE

Tapos mag-aalaga ka ulit ng mga bagong ibon?

SAUL

*(mapapatingin pa rin sa gubat)*

Ah hindi. ‘Yang mga ibong ‘yan, kahit pakawalan mo, babalik din ‘yan sa kulungan nila bago matapos ang araw.

DAVE

Ganun? Ang galing! Ang tatalino naman nila.

NATHAN

*(sasabat)*

Or tangengot sila.

Lalapit si NATHAN.

SAUL

*(kay Nathan)*

Tamang-tama. Ikaw muna magturo dito kay Dave.

May kailangan lang akong gawin.

Papasok sa loob si SAUL.

NATHAN

*(kay Dave)*

Kung ako sa kanila, ‘pag nakalipad ako palayo,
hindi na ako babalik.

*(iaabot ang kamay for handshake)*

Nathan ulit.

Hindi makikipagkamay si DAVE.

DAVE

Bawal daw ang physical contact.

NATHAN

Sus, wala namang makakaalam. Atin-atin na lang.

Tatanggi pa rin si DAVE. Magpapatuloy na lang sa pagpapatuka ng mga ibon. Ibababa na lang ni NATHAN ang kamay niya.

**11. EXT. HARDIN. DAY. LATER.**

Papalapit si DAVE sa net na bakod. Mapapansin niyang may butas ito. Malaki. Kung titingnang mabuti, may mga parte ang metal net na putol na pwedeng hawiin at lusutan ng mga tao. Kasyang-kasya ang mga bata. Pati matatanda.

**12. INT. DAVE'S ROOM. NIGHT. LATER.**

Nakaupo muli sa bintana si DAVE, pinagmamasdan ang bakuran at gubat sa labas. Sa pagkakataong ito, napaling ang kanyang atensyon sa may bakod na naghihiwalay ng property ng Getsemani Home sa gubat.

Hindi nya sigurado pero parang may naaaninag siyang mga tao sa likod ng net na bakod. Isa, dalawa, tatlo. Higit pa. Lahat ay pawang naka-gray na t-shirt, tulad ng suot niya. Nangingibabaw ito sa dilim. Bababa sya mula sa pagsampa sa bintana upang mas makita nang maayos pero nang siya ay malingat, wala na ang mga ito.

Magugulat siya sa tunog ng pagbagsak ng pinto. Galing sa kabilang kwarto. Mag-aalinlangan siya sa umpisa pero sa huli ay lalapit syang muli sa framed picture ni pastor, ihihilig ito, at sisilip sa butas.

**13. INT. NATHAN'S ROOM/DAVE'S ROOM. NIGHT. CONTINUOUS – MONTAGE/INTERCUT**

- **NATHAN'S ROOM:** Kakapasok lang ni NATHAN. Dahan-dahan siyang lalapit sa kama. Iika-ika siya maglakad. Unti-unti niyang bubuksan ang mga butones ng mga polo. Mula taas, pababa.
- **DAVE'S ROOM:** Aalis mula sa pagkakasilip si DAVE. May nararamdamang guilt sa ginagawa. Kukurutin ang sariling braso. Susuntukin ang sariling bisig. Bubulong.

DAVE

Ang kaluluwa'y nakahanda, ang laman ay mahina…

Ngunit ilang sandali lang, sisilip siyang muli.

- **NATHAN'S ROOM:** Bago pa man tuluyang maghubad si NATHAN, may kakatok. Marahan siyang tatayo siya para buksan ang pinto. Si SAUL. Lilinga-linga, tapos ay iaabot ang tinapay. Mauupo ulit si NATHAN sa kama. Kakain. Gutum na gutom.
- **DAVE'S ROOM:** Pinapanood pa rin ni DAVE si NATHAN mula sa butas. Aksidente niyang matatabig ang frame. BANG. Nahulog sa sahig.

DAVE

Shet!

- **NATHAN'S ROOM:** Mapapatingin si NATHAN sa wall. Mapapansin niya ang butas. Maging dito sa kwarto ni NATHAN ay mayroon ding framed picture si PASTOR. Dahan-dahan siyang lalapit at iuusog ang side table niya upang mas makita ang butas.

NATHAN

Pssst! Pssssst! Hello!

- **DAVE'S ROOM:** Hindi sasagot si DAVE. Babalik sa pagkakahiga.

**14. INT. MAIN HALL. DAY. LATER.**

Sa projector, makikita ang sketch ng isang sinaunang siyudad na nasusunog dahil sa apoy galing sa langit.

PASTOR

Ano ang aral na itinuturo sa atin ng Sodom at Gomorrah?

*(beat)*

Anyone?

Walang sumasagot. Si DAVE, iniiwas ang tingin upang hindi tawagin. Ngunit siya pa rin ang kukuha sa atensyon ni PASTOR.

PASTOR

Dave? Pakiramdam ko ay alam mo ang sagot. ‘Wag nang mahiya.

DAVE

*(tatayo)*

Ipinapaalala… Ipinapaalala sa atin ng kwentong ito na dapat ay nabubuhay tayo nang ayon sa batas ng Panginoon, na malayo sa kasalanan. Na kapag nabuhay tayong lunod sa kasalanan, tayo ay susunugin ng apoy at asupre.

PASTOR

Thank you, Dave. Mahusay. Ngunit, mga anak, ipinapakita rin nito ang awa ng Diyos…

Aangil si NATHAN. Mapapatingin sa kanya ang lahat.

PASTOR

…Dahil iniligtas niya si Lot at ang kanyang pamilya dahil siya ay matuwid.

Magtataas ng kamay si NATHAN. Parang ayaw siyang tawagin ni PASTOR pero mapipilitan.

PASTOR

Yes, Nathan?

NATHAN

Paanong naging matuwid si Lot?

PASTOR

Hindi ka ba nakinig sa kwento? Dave, kaya mo bang sagutin ang tanong ni Nathan? Paano naipakita sa kasulatan na matuwid si Lot?

DAVE

Dahil iniligtas niya ang dalawang anghel mula sa mga taong-bayan na gusto silang gahasain.

PASTOR

Tama. Malinaw na ba, Nathan?

NATHAN

Pero in-offer niyang ipalit at ipagahasa ang kanyang dalawang virgin daughters kapalit ng mga anghel. Paanong naging matuwid ‘yun?

Magbubulungan ang ibang mga campers. Napaisip din si DAVE.

PASTOR

Dahil ang mga anghel ay sugo ng Diyos.

NATHAN

At ang kanyang mga anak ay pawang mga *babae* lamang? *Ganoon* ba?

Katahimikan. Hindi alam ni PASTOR ang isasagot.

PASTOR

Hindi sa ganoon… kaya lang… dahil… hindi naman… kasi… Wala tayo sa lugar upang kwestyunin ang mga paghatol ng Panginoon.

Katahimikan. May ngiti sa mga labi si NATHAN na parang naka-isa siya ngayon.

PASTOR

O. Tapos na ang oras natin. Bukas ulit.

Magsisilabasan ang lahat. Maiiwan sina NATHAN at DAVE na nag-aayos pa ng gamit.

PASTOR

Nathan, sandali, maiwan ka. Dave, pwede ka nang umalis.

Paglabas ni DAVE, isasara ni PASTOR ang pinto.

**15. INT. HALLWAY. NIGHT. LATER.**

Papasok pa lang sa kwarto si DAVE. Darating si NATHAN na patungo rin sa kanyang silid. Mapapansin ni DAVE na umiika sa paglakad si NATHAN. Parang masakit ang mga paa. Mapapansin ni NATHAN na mapapansin ni DAVE ang kalagayan niya. Pilit itutuwid ang lakad.

**16. INT. DAVE'S ROOM. NIGHT. LATER.**

May binabasang song hits (song book) si DAVE habang nagpapanggap na naggigitara.

May maririnig siyang kalabog mula sa hallway. Lalapit siya sa pinto upang mag-imbestiga.

**17. INT. HALLWAY. NIGHT. LATER.**

Nakasilip si DAVE. Nakikita niyang nakatayo si NATHAN. Nakatalikod. Nakayuko.

DAVE

*(pabulong)*

Nathan?

Maglalakad si NATHAN. Marahan. Hindi ito umiika, ngunit dahan-dahan ang bawat galaw.

DAVE

*(pabulong)*

Nathan! Saan ka punta?

Susundan niya ito. Dahan-dahan din siyang maglalakad. Maya-maya, may maririnig na PSSSSST! Di niya papansinin.

Si NATHAN, narating na ang dulo ng hallway at pababa na ng hagdan. Tuluyan na siyang nawala sa paningin ni DAVE.

PSSSSSST! Lilingon sa likod si DAVE. Laking gulat niya nang makita ang tumatawag sa kanya. Si NATHAN, nakasilip mula sa pintuan ng kwarto niya.

NATHAN

*(pabulong)*

Anong ginagawa mo d'yan? Bawal nang lumabas 'pag ganitong oras. Baka may makakita sayo!

Naguluhan si DAVE pero babalik siya sa kwarto.

**18. INT. DAVE'S ROOM / NATHAN'S ROOM. NIGHT. LATER – MONTAGE.**

Nakikita ni DAVE na may pumapasok na maliit na papel sa butas. Nung umpisa ay nakatayo lang siyang parang tuod, pero lalapit din siya at babasahin ito. Ang nakasulat: *OK ka lang?* Itatabi niya lang ito. Wala siyang balak sumagot. Ngunit magbabago ang isip. Kukuha ng ballpen.

**19. INT. DAVE'S ROOM / NATHAN'S ROOM. NIGHT. LATER – MONTAGE.**

Kukunin ni NATHAN ang papel. Babasahin. Mapapangiti.

- DAVE: OK. Ikaw, OK ka lang ba?
- NATHAN: Bumingo yata ako kay Pastor.
- DAVE: Anong nangyari sa'yo?
- NATHAN: Nagdasal kasama si Pastor.

- DAVE: Bakit parang pilay ka?
- NATHAN: Medyo intense kasi yung dasal. LOL.
- DAVE: Matutulog ka na?
- NATHAN: Sana. Pero para sa'yo, willing to wait. (smiley)
- DAVE: Ganito ba lagi katahimik dito?
- NATHAN: Ganito lagi kalungkot dito.
- DAVE: Malungkot ka?
- NATHAN: Hindi na ngayon. (smiley)

Mapapangiti si DAVE.

**20. INT. BEDROOM. FLASHBACK.**

Extreme closeup ng magkahawak na mga kamay. Haplos sa leeg. Madamdaming mga halik. May marahang pagkagat sa labi.

**21. INT. DAVE'S ROOM. NIGHT. BACK TO PRESENT.**

Maaalimpungatan si DAVE. Hahawakan ang labi niyang may bakas pa rin ng sugat. Nakatulog pala si siya habang nakikipagpalitan ng mensahe kay NATHAN. May mga maliliit na papel sa sahig. Hawak pa nya ang ballpen. Mapapansin niya ang oras. Lagpas alas-dos na. May papel na nakapalsak sa butas. Nakasulat:

*Nakatulog ka na yata. Salamat sa usap. Bukas ulit.* ☺

Sisilip siya sa butas. Madilim sa kabilang kwarto. Wala siyang maaninag masyado.

**22. INT. MAIN HALL. DAY. DAYS LATER.**

Prayer session with PASTOR.

PASTOR

Kaya't mabuti na ngayon pa lamang ay simulan na natin ang mga hakbang para kayo ay mailigtas!

LAHAT (maliban kay Nathan)

Amen!

PASTOR

Dahil sa inyong loob nananahan ang demonyo! Tandaan: ang sabi ng Diyos! Magbantay at manalangin! Ang kaluluwa man ay nakahanda, ang katawan ay mahina.

LAHAT (maliban kay Nathan)

Amen!

PASTOR

Samahan n'yo ako. Halina dito at pumalibot kayo sa akin!

Lalapit ang lahat at gagawa ng bilog paikot kay pastor.

PASTOR

Magsiluhod tayo at magpakumbaba sa Panginoon!

Susunod ang lahat, maging si NATHAN kahit na mukhang napipilitan lang.

PASTOR

Itaas ang inyong mga kamay! Ipikit ang inyong mga mata!

Magtataas ang lahat ng kamay. Lahat ay pipikit maliban kay NATHAN. Bago sumunod si DAVE, mapapatama ang kanyang tingin kay NATHAN na ngingiti sa kanya.

LAHAT (maliban kay Nathan)

Damhin ninyo ang presensya ng Holy Spirit! Hayaan nyo silang itaboy ang kasamaan sa inyong isip at puso!

Biglang bibigkas ng mga hindi maintindihang salita si PASTOR. Parang chant. Nakatingala, pikit ang mga mata, nakataas ang kamay. Napapalibutan ng mga sumasamba. Damang-dama niya.

PASTOR

*(speaking in tongues)*

Yahbelebele digumemadiguye.

Sabayan n'yo ako!

Susunod naman ang karamihan.

LAHAT (maliban kay Nathan)

*(random speaking in tongues)*

Yabutiloutihubileh digumemegutitye!

Parang natatawa si NATHAN. Pipikit na rin si DAVE.

PASTOR

*(nakapikit)*

Huwag n'yong isipin kung ano ang sasabihin. Kapag nabalot na ng Holy Spirit ang inyong puso, lalabas na lamang ang tamang salita! Huwag mag-isip! Huwag mag-isip!

*(speaking in tongues)*

Kuliyuyutihubashama Galiliwerutibaye

Laksan pa natin upang mas marinig ng Panginoon

kung gaano natin gustong maligtas at maituwid!

Pikit na pikit ang mga mata ni DAVE ngunit hindi dumarating ang mga salita.

**23. EXT. HARDIN. DAY. LATER.**

Gumagawa ang lahat ng mga campers sa hardin. May ibang naglilinis ng mga upuan, nagwawalis ng porch, nagpapagpag ng mga basahan. Si DAVE at NATHAN, nagtatabas ng damo. May isang metrong pagitan upang hindi mahalatang nag-uusap sila.

DAVE

Ha? Third time mo na dito?!

NATHAN

Sshhhh. Oo. Lagi ako pinapadala ng nanay ko dito.

Wala na nga kaming pera, sinasayang pa n'ya sa

pagkulong sa akin dito. Lagi kasi akong nahuhuli.

DAVE

Nahuhuling ano?

NATHAN

Alam mo na.

DAVE

Hindi. Hindi ko alam.

NATHAN

Alam mo na yun.

DAVE

Promise. Hindi ko alam.

NATHAN

Pare-pareho lang naman tayo dito lahat. Ikaw ba, bakit ka ba pinatapon dito?

DAVE

Para itama ako.

NATHAN

Bakit, mali ka ba?

DAVE

Sabi nila.

NATHAN

Pero sa tingin mo? ‘Yun naman ang mahalaga.

Mali ka ba sa tingin mo?

Mapapatigil sa paggupit ng damo si Dave.

NATHAN

Haynaku, ako na ang sasagot. Walang mali sa’yo.

Kung ako ang tatanungin, ano ka nga eh.

DAVE

Ano?

NATHAN

Tama. Tamang tama ka sa’kin.

Mapapatawa si DAVE.

NATHAN

Pero alam mo, sinasabi ko sa’yo, ito na ang last time

ko dito. ‘Di na nila ako mapapadala dito next year.

DAVE

Bakit? Tutuwid na ang landas mo? *(matatawa)*

NATHAN

Next year, 18 na ako. At kapag itapon nila ako dito, lalayas na talaga ako….

Mapapansin ni NATHAN na tinatawag siya ni PORTIA.

NATHAN

Sandali lang ah. Tinatawag yata ako ni Ate Portia.

Tatayo si NATHAN at maglalakad papasok sa bahay. Si DAVE naman, mapapatingin sa gubat. May mga anino sa gubat na gumagalaw. Tatayo siya. Lalapit sa bakod. Tititigan nya. Aaninagin. Mukhang mga bata, naka-gray din, tulad ng suot nila. Mukhang kasamahan nila dito sa Getsemani. Titingin siya sa likod, mukhang busy lahat sa kanilang ginagawa. Walang nakatingin sa dako nya. Lalabas si DAVE ng bakod at susundan ang mga bata.

**24. EXT. WOODS. DAY. CONTINUOUS.**

Sinusundan ni DAVE ang mga batang nagtatakbuhan sa gubat. Nakakailang hakbang pa lang, lilingon siya sa likuran para i-check kung may nakapansin ba sa kanya. Pagharap niya, wala na sila.

Maglalakad siya paloob pa para hanapin ang mga bata, pero hindi niya ito makita. Iba ang pakiramdam niya dito sa loob ng gubat. Kahit na tanaw nya pa rin ang bahay mula dito at maliwanag pa rin naman ang araw, parang iba ang lamig dito. Pakiramdam niya, may nanonood sa kanyang hindi niya mawari. Magpapasya siyang bumalik na lang. Pagdating niya sa bakod, ibubuka niya ang butas, at yuyuko upang makapasok muli.

**25. EXT. HARDIN. NIGHT. CONTINUOUS.**

Pagtunghay ni DAVE mula sa pagkakayuko sa paglusot sa butas, gabi na. Hindi niya alam kung paano nangyari 'yun. Makikita n'ya si SAUL sa malayo, nakatayo, nakatingin sa kanya.

**26. INT. MAIN HALL. THE NEXT DAY.**

Hindi pa nagsisimula ang session. Nasa isang sulok si DAVE, mistulang naggigitara kahit wala namang hawak. Sa harap nya, may song hits (songbook), pinag-aaralan ang guitar chords. Kukunin bigla ni NATHAN ang songbook.

NATHAN

Ano 'to, ha?

DAVE

Uy, wag kang ano. Pinag-aaralan ko 'yan.

NATHAN

Nag-aaral ka ba talaga or may iba kang inaaral…

Ituturo niya ang picture ng mga gwapong boyband members.

DAVE

Gago.

Ililipat ni NATHAN sa ibang pahina ng songbook. Mula sa loob ay makikita si SAUL na inaalagaan ang mga kalapati. Mapapatingin si DAVE.

DAVE

Matagal na ba siya dito?

NATHAN

*(titingnan kung saan nakatingin si Dave)*

Sino? Si Saul? Oo. N'ung first time ko pa lang dito n'ung 14 ako, andito na siya. Volunteer pa lang siya noon, tapos naging empleyado na talaga. Bakit?

DAVE

Wala lang.

NATHAN

Mabait ‘yan. Sa lahat ng empleyado dito, siya ang pinakamakatao?

DAVE

Makatao?

NATHAN

Oo. ‘Yung iba dito, akala mo kung sino. Pero si Saul, minsan kapag ginugutom nila ako, pinupuslitan niya ako ng pagkain. Mabait ‘yan.

Mapapatitig si DAVE kay SAUL.

NATHAN

Tamang-tama! Kaysa pinoproblema mo siya, bakit di mo na lang hiramin ang gitara niya!

DAVE

May gitara siya?

NATHAN

Oo, nabanggit niya minsan sa akin dati. ‘Pag magpaalam ka, baka payagan ka. Mukhang ikaw naman ‘yung pet ngayong taon eh.

DAVE

Pet?

NATHAN

Pastor’s pet. Paborito ng *Mahal na Pastor*. Masunurin ka kasi. Ulirang camper. Baka magka-award ka na niyan.

DAVE

Talaga ba? Parang hindi naman.

NATHAN

Maniwala ka. Ako, paborito lang ma-principal’s office. Ikaw, pet. Sa akin, malupet.

Habang natatawa, patuloy sa pag-browse si NATHAN sa songbook hanggang makita ang centerfold. Larawan ng isang male singer. Hubad. Mapang-akit. Mapusok.

NATHAN

Ito ang ‘wag na ‘wag mong ipapakita sa iba. Lalo na sa *Mahal* na Pastor. Paniguradong mabe-basement ka n’yan. Alisin mo ‘yang page na ‘yan.

Walang anu-ano’y darating si PASTOR.

NATHAN

Hala, speaking of the devil…

Magsisipagtayuan ang lahat. Wala nang oras si DAVE para maitago ang songbook. Nakabukas ang page sa centerfold ni male singer. Naglalakad-lakad si PASTOR. Papalapit sa dako nila. Kinakabahan si DAVE. Gusto niyang itago o isara man lang ngunit mas mahahalata siya.

Walang anu-ano’y may lilipad na itim na kalapati papasok ng silid. Magugulat si PASTOR. Darating si SAUL.

SAUL

Pasensya na po, Mahal na Pastor. Nakawala sa kamay ko.

Habang nakalingat si PASTOR, dali-daling pipigtasin ni NATHAN ang centerfold page, gagamusutin at ibubulsa. Lumilipad pa rin sa loob ang kalapati at pilit hinuhuli ni SAUL. Sesenyas si DAVE ng “Thank you” kay NATHAN. Mapapangiti sila pareho.

**27. INT. HARDIN. DAY. LATER.**

Papalabas ng Main Hall si PASTOR. Hahabulin siya ni DAVE. Si NATHAN naman ay sasandal sa dingding, makikiusyoso.

DAVE

Mahal na Pastor!

PASTOR

Magalang na bata. Ano ‘yun, Dave?

DAVE

May nagbanggit po kasi sa akin na may gitara si Saul.

PASTOR

Hmmm. At sino naman kaya ang nagbanggit n’yan?

Susulyap si PASTOR kay NATHAN na nasa likod ni DAVE. Si NATHAN, iiwas ng tingin. Titingala at sisipol. Mumwestra si PASTOR na sabayan siya maglakad palayo.

DAVE

Kung papahiramin po ba niya ako, mapapayagan po kaya akong tumugtog dito?

PASTOR

Alam mo, hindi ito music camp, iho.

DAVE

Pero…

PASTOR

Hindi namin basta-basta pinagbibigyan ang luho ng mga bata dito…

Mapapadaan sila kay DOLORES na nagsasampay ng mga damit. Puro puti at abo lamang ang kulay ng mga sinampay. Tatango bilang paggalang si DOLORES nang dumaan si PASTOR.

DAVE

Promise, puro worship songs lang po ang tutugtugin ko. At sa darating na bonfire, tutugtog ako sa program…

PASTOR

Hmmm. Sige na nga. *Kung* pahihiramin ka ni Saul.

Ituturo ni PASTOR si SAUL na nakikipaglaro sa mga kalapati sa malayo.

**28. INT. SAUL'S ROOM. DAY. LATER.**

Pilit tinatanggal ni SAUL sa pagkakasabit ang gitara sa dingding. Si DAVE naman, nakatingin lang sa sa malaking portrait ni PASTOR. Tulad ng iba niyang mga larawan, parang sinusundan siya ng tingin nito. Sa tabi nito ay may mga lumang group pictures din ng mga campers. Mahigit 20 mga bata na nakahilera sa dalawang linya. Mapapatitig siya dito. Parang pamilyar sa kanya ang iba. Tatapikin siya ni SAUL. Hawak na ang lumang gitara.

SAUL

Ito na. Basta tutugtog ka raw sa bonfire, sabi ng Mahal na Pastor.

DAVE

'Yun lang pala eh. Salamat ah.

SAUL

OK.

Ita-try ni DAVE ang gitara. Ia-adjust. Muntikan mabagsak.

DAVE

Sure ka ba na hindi mo to ginagamit? Baka kasi kailanganin mo.

SAUL

Sure. Hindi naman ako tumutugtog niyan. Bigay lang kasi sa akin ‘yan ng mama ko kaya tinatago ko.

DAVE

Ha? Di ka marunong maggitara?

SAUL

Marunong naman. Dati, nung bata pa ako. Pero ewan, parang nakalimutan ko na kung papaano.

DAVE

Nakakalimutan ba ‘yun?

Maglalakad palapit sa pinto si DAVE. May gusto pa sana siyang itanong pero di nya alam kung papaano.

DAVE

Saul, kilala mo ba lahat ng andun sa picture?

SAUL

Tagal na kasi n'yan. 'Di ko na alam kung nasaan na 'yung iba sa kanila. Bakit?

DAVE

Ah wala naman. Sige, salamat ulit dito sa gitara.

Isasara ni SAUL ang pinto.

**29. INT. DAVE'S ROOM. NIGHT. LATER.**

Nagpa-practice ng gitara si DAVE. Worship song.

NATHAN

PSSSSSSTTTT!!!

May lulusot na papel. Nakasulat: *Congrats sa gitara!*

Aabutin niya ang pen at sasagot. Ipapasok ang papel sa butas.

**30. INT. NATHAN'S ROOM/DAVE'S ROOM. NIGHT. CONTINUOUS – MONTAGE.**

Kukunin ni NATHAN ang sulat sa butas. Babasahin: *Salamat sa tip.*

Magpapalitan ulit ng mensahe:

- NATHAN: Tange, wala yun. Parinig naman.
- DAVE: Hindi mo ba rinig dyan?

- NATHAN: Hindi ☹

**31. INT. DAVE'S ROOM. NIGHT. CONTINUOUS.**

Lalapit si DAVE sa dingding. Itatabi ang buong side table. Luluhod sa sahig. Ilalapit ang bibig sa butas.

DAVE

Rinig mo na?

Walang sagot. May susulpot na papel sa butas. Nakasulat: *Wait, tabi ka muna diyan.*

Maya-maya, may kutsilyong sumulpot sa butas. Si NATHAN, pinapaluwang ito. Uukabin ang dingding pero hindi pa rin ganoon kalaki.

DAVE

HOY! 'Wag! Baka may makakita n'yan!

Lagot tayo pareho!

Tuloy pa rin si NATHAN. Sisilip.

NATHAN

*(off-screen)*

Naririnig mo 'ko?

DAVE

Sira-ulo ka talaga.

NATHAN

Sandali lang.

Papalakihan pa lalo ang butas. Patayo ang hiwa. Hindi mo mapapansin kung hindi tititigang malapitan.

NATHAN

Ayan, tugtog ka na!

Mapapailing na lang si DAVE. Mauupo ulit sa sahig. Sasandal sa dingding. Tutugtog. Worship song.

**32. INT. NATHAN'S ROOM/DAVE'S ROOM. NIGHT. CONTINUOUS - MONTAGE.**

Tulad ni DAVE, nakasalampak din sa sahig si NATHAN, nakasandal sa dingding.

NATHAN

Wala bang love song d'yan?

DAVE

Bawal. Gospel lang ang pwede.

NATHAN

Pati ba naman sa tugtog, diktado nila?

DAVE

Sunod na lang kasi tayo.

Tutugtog si DAVE. Titigil. Poposturang magbabago ng kanta. Mag-aalinlangan, pero itutuloy. Hindi pamilyar kay NATHAN ang tugtog.

DAVE

Eto na po ang love song mo, ser.

NATHAN

Anong kanta 'yan?

DAVE

Atin-atin lang.

NATHAN

Ano ang atin-atin lang?

DAVE

"Atin-Atin Lang" ang title.

NATHAN

Hindi ko pa rin alam kahit sabihin mo title.

DAVE

Hindi talaga kasi ako lang nag-compose nito.
Pero ‘di ko pa tapos. Pakinggan mo, tapos sabihin
mo kung maganda.

Tutugtog si DAVE. Kakanta.

♫♪ *Atin-atin lang*
*Ang ating bawat pagbati at paglisan*
*Ibabaon nang malalim*
*Ikakahon nang maigting*
*Ititikom ang labi*
*Sa ating bawat ngiti at hapdi*
*Ang ating nararamdaman*
*Atin-atin na lang*♫♪

**33. INT. BEDROOM – FLASHBACK.**

Extreme closeup ng magkahawak na mga kamay. Haplos sa leeg. Madamdaming mga halik. May marahang pagkagat sa labi.

**34. INT. NATHAN’S ROOM/DAVE’S ROOM. NIGHT. CONTINUOUS - MONTAGE.**

Patuloy pa rin sa pagtugtog si DAVE. Damang-dama ang bawat salita. Hindi niya namamalayang tumutulo na pala ang luha niya.

*♫♪ Piliting magsalita, mauutal*

*Subuking ihiyaw, mapapagal*

*Damdamin ma’y nagpupuyos*

*Huwag lang matapos, huwag lang matapos*

*Puso ma’y silaban*

*Atin-atin lang*♫♪

Titigil sa pagtugtog.

DAVE

Uhm. Hanggang dun pa lang nasulat ko. (Ahem.) OK lang ba?

NATHAN

Oo naman. Maganda. Parang may pinanggalingan. Meron ba?

‘Di sasagot si DAVE.

NATHAN

Dave?

Wala pa ring imik.

NATHAN

Nagmahal ka na ba, Dave? Na-in love ka na?

DAVE

Dati. Minsan. Siguro.

NATHAN

‘Di mo sure?

DAVE

‘Di ko naman alam kung ano ba ang feeling nun kaya ‘di ko alam kung ‘yun ba ‘yung na-feel ko.

NATHAN

Tange. Basta alam mo lang ‘yun. Kung hindi ka sigurado, baka hindi nga love ‘yun.

DAVE

Bakit naman?

NATHAN

Dahil hindi lang naman feeling ‘yun. Kung hindi mo kayang i-acknowledge na love ‘yun, hindi love ‘yun.

DAVE

Paano kung takot ka.

NATHAN

Takot saan? Takot magmahal o takot masaktan?

DAVE

Ewan.

NATHAN

OK lang na takot masaktan. Pero hindi ka dapat takot magmahal. There is no fear in love. Teka…

May isusulat si NATHAN sa papel at ilulusot sa butas. Babasahin ni DAVE. Ang nakasulat: 1 JOHN 4:18.

**35. INT. DINING AREA. NIGHT. DAYS LATER.**

Hapunan. Habang kumakain, palihim na marahang sinisipa ni NATHAN ang paa ni DAVE. Gumaganti naman. Magkakatinginan. Magkakangitian. Walang nakakapansin sa nangyayari sa ilalim ng mesa.

**36. INT. HALLWAY. NIGHT. LATER.**

Sabay na papasok sa kanya-kanyang silid sina DAVE at NATHAN. Magkakasulyapan. Nilu-look forward nila parati ang gabi para makapag-usap sila sa butas sa dingding.

**37. INT. DAVE'S ROOM. NIGHT. LATER.**

Nakasalampak sa sahig si DAVE. Kausap si NATHAN.

DAVE

Late na! Tulog na tayo!

NATHAN *(off-screen)*

Oo nga. Good night!

DAVE

Good night din!

Ibabalik ni DAVE ang side table sa pwesto at tatakpan ang butas. Tatayo. Kukunin ang Bibliya. Titingnan ang papel na binigay ni NATHAN sa kanya dati: 1 JOHN 4:18. Babasahin niya ito nang malumanay.

DAVE

*There is no fear in love.*

*Walang takot sa pag-ibig. Ang ganap na pag-ibig ay nagtataboy ng takot. Ang natatakot ay hindi pa nagiging ganap sa pag-ibig…*

Ngingiti si DAVE. Itutuloy niya ang pagbasa.

**38. EXT. HARDIN. NIGHT. DAYS LATER.**

Bonfire. Nagkakasayahan lahat. Tumutugtog si DAVE ng gitara. Paminsan-minsan ay sumusulyap kay NATHAN na proud na proud sa kanya.

DAVE (VO)

*…Kung sinasabi ng isang tao: "Iniibig ko ang Diyos, ngunit namumuhi siya sa kaniyang kapwa," siya ay sinungaling. Sapagkat kung hindi niya iniibig ang kaniyang kapwa, paano niya maiibig ang Diyos?*

Matapos tumugtog si DAVE ay uupo na ito kasama ang iba. Magsasalita si PASTOR habang ipapamahagi nina DOLORES, PORTIA at SAUL ang hapunan. Pork BBQ at inihaw na liempo.

PASTOR

Hindi ba't napakasaya at napakalinis ng samahan kapag itinuturing natin ang isa't isa na kaibigan o kapatid lamang? Ano ang lagi nating tatandaan?

Walang sumasagot.

PASTOR

Leviti--- Ako lang ba ang may alam?

LAHAT (sabay-sabay)

Levitico 18:22!

PASTOR

"Huwag kayong makipagtalik sa kapwa ninyo lalaki; iyan ay karumal-dumal." KARUMAL-DUMAL! 'Yan mismo ang salita ng Panginoon!

NATHAN

*(sa katabi)*

Levitico 11:7

PASTOR

*(mapapansin si Nathan)*

Ano ‘yun, Nathan?

NATHAN

Ah, wala po. May naalala lang.

PASTOR

*(malumanay, nakangiti)*

Hindi, sige, sabihin mo. Sayang naman ang boses na binigay ng Diyos kung hindi gagamitin!

‘Di iimik si NATHAN.

PASTOR

*(nakangiting nanghahamon kay Nathan)*

Well?

NATHAN

Sabi ko, Levitico 11:7.

Mapapawing bigla ang ngiti ni PASTOR.

PASTOR

OK, that’s it. Tama na.

DANIEL

*(kay Nathan)*

Anong sabi d’un?

PASTOR

*(kay Daniel)*

Move on na tayo sa next part ng program. Mahaba-haba pa ang gabi natin…

NATHAN

*(sa lahat, malakas)*

Levitico 11:7. Ang salita ng Panginoon. “At ang baboy, sapagka't may hati ang paa at baak, datapuwa't hindi ngumunguya, ay huwag kakainin dahil karumaldumal nga sa inyo.”

Mapapatingin ang lahat sa kinakain nilang Pork BBQ.

Parang nawalan sila ng gana.

NATHAN

Pero siguro ‘yun, baka pwedeng hindi sundin.

*(sabay kagat sa karne)*

Sarap kasi eh.

Titingnan siya nang masama ni PASTOR.

**39. EXT. HARDIN. NIGHT. LATER.**

Paupos na ang bonfire. Dito sa labas silang lahat matutulog ngayon. Lahat ay nakahiga sa damo, katabi ng mga baga.  Sa ilalim ng buwan. Nakapikit si DAVE. Nagdarasal.

Pinapanood pala siya ng kanyang katabi – si NATHAN. May isang metrong puwang sa pagitan nila. Nang matapos siyang manalangin…

NATHAN

Anong pinagdarasal mo?

DAVE

Sana makapasa ako sa university. Siguro sa isang buwan ang result.

NATHAN

Ano’ng course?

DAVE

Engineering. Civil.

NATHAN

Parang wala naman sa hitsura mo. Bakit gusto mo 'yun?

DAVE

'Yun ang gusto ng tatay ko. Engineer siya.

NATHAN

Eh *ikaw*, anong gusto *mo*?

DAVE

Ewan. Kahit ano siguro. Ikaw ba, anong gusto mo?

NATHAN

Gusto kong maging astronaut.

DAVE

Pang-kinder naman 'yang sagot mo.

NATHAN

Hindi, totoo nga. Kaso dahil malabo ‘yun, ang pangarap ko talaga, maging astronomer.

DAVE

Weird choice.

NATHAN

Wala rin namang masyadong ganoong course dito. Pero isipin mo, sa lahat ng mga bituin na yan sa langit, ilang milyon, bilyon, trilyon d’yan ang may planeta? Sarap isipin na may iba-ibang mundo d’yan. Sana nasa ibang mundo na lang ako.

DAVE

‘Yan! Kaka-Star Wars mo ‘yan.

Magtatawanan. May random na SSSSHHHHHHH.

NATHAN

Naku, baka marinig tayo ni Darth Vader. (beat) Pero seryoso. What if meron ngang ibang mundo out there, ano?

DAVE

Napaka-wild ng mga iniisip mo.

Sabihan mo na lang ako pag may nahanap ka na.

NATHAN

Bakit? Sasama ka?

DAVE

Depende.

NATHAN

Depende saan?

DAVE

Masaya ba d'un?

NATHAN

Masaya? Depende.

DAVE

Depende saan?

NATHAN

Kung sasama ka.

Kikiligin si DAVE. Magtatawanan ulit. SSSSHHHHHHHH!

DAVE

Nathan.

NATHAN

O?

DAVE

Kapag nagdarasal ka, anong hinihiling mo?

NATHAN

Gusto ko lang namang maging masaya.

Pareho silang nakatingin sa mga bituin. May puwang sa pagitan ng higaan nila. I-eextend ni NATHAN ang kamay niya sa espasyong iyon. Ganoon din ang gagawin ni DAVE. Unti-unti niyang ilalapit ang kanyang kamay sa kamay ni NATHAN. Dahan-dahan lang para walang makapansin. Nang malapit na malapit na, magbabago siya ng isip at babawiin ang kamay. Hindi sila magdadampi.

**40. INT. BEDROOM – FLASHBACK.**

Extreme closeup ng halik. Walang anu-ano'y maririnig ang galit na sigaw ng isang lalaki sa likod. Makikitang maghihiwalay ang mga labi.

LALAKI

TANG-INA! MGA BABOY! LINTIK!

Magkakagulo pero hindi natin makikita ang mga nangyayari.

**41. EXT. HARDIN. NIGHT. HOURS LATER.**

Magigising si DAVE. Babangon. Lilingun-lingon sa paligid. Tulog na ang lahat. Titingnan si NATHAN na katabi niya. Nasa dating posisyon pa rin ang kamay ni NATHAN. Susubukan niyang hawakan ngunit maaantala ito ng kaluskos galing sa isang sulok ng bakuran. Tatayo siya at lalapit sa bakod. May maririnig na nagtatawanang mga bata.

Sisilip ang BATANG KALBO. Tumatawa. Sesenyasan siya na sundan ito. Maglalakad papasok sa gubat.

Mapapa-atras siya. May mababangga ang likod niya. Kahit nababalot ng pangamba, dahan dahan siyang lilingon palikod. Si SAUL pala. Nakatalikod. Nakatingala. Nakapako ang tingin sa pader ng bahay. May nakapinta dito – isang pulang graffiti ng titi. Malaki. Hanggang sa pinakataas na parte ng pader ay abot ang pinta, lugar na imposible mong maabot kung wala kang hagdan. Hahawakan niya ang pinta, dugo ito. Hindi niya alam ang gagawin.

DAVE

Anong nangyari di--?

SAUL

Ssssshhhh. Bumalik ka na sa pagtulog.

DAVE

Pero—

SAUL

Kung makita ka nila dito, ikaw ang mapapagbintangan.

Dahan-dahang babalik sa higaan niya si DAVE. Palihim niyang panonoorin si SAUL na papasok sa gubat.

**42. EXT. HARDIN. DAY. HOURS LATER.**

Pinagtutulungan ng mga campers na linisin ang bandalismo sa pader ng bahay. 'Yung iba ay naka-hagdan pa. Nasa tuktok ng magkatabing hagdan sina NATHAN at DAVE. Naririnig nila ang pag-uusap ng staff sa baba.

DOLORES

Naku, paniguradong uusok na naman ang tainga ng Mahal na Pastor niyan.

PORTIA

Sino ho kayang may-gawa niyan?

DOLORES

Ang tanong diyan eh papaano nila naabot 'yang pagkataas-taas na 'yan nang hindi nakikita?

PORTIA

At papaanong nakalusot sa night guard natin ito. Di ba nag-iikot si Mang Abadon? Para saan pa't may guard tayo kung nalulusutan naman.

DOLORES

Kahit magdagdag pa tayo ng guard, pakiramdam ko talagang may mga tao lang talagang galit sa Getsemani. O kaya gusto tayong lalong magalit. Nang-iinis ba. Parang ganoon. Ang tanong: Sino naman? Wala naman tayong nakakabangga.

PORTIA

Tama. Napakaganda nga ng ginagawa natin dito. Tinutulungan natin ang mga bata. Sino nga kaya ang may gawa n'yan?

Nakikinig lang sina NATHAN at DAVE. Patuloy pa rin sa pagpunas at paglinis sa dugo sa dingding.

NATHAN

Mga piringkita.

DAVE

Ha?

NATHAN

'Di ito unang beses. Nung first time ko dito, nangyari na rin 'to. Ang sabi nila, 'yung mga kakahuyan dito, pinamamahayan ng mga piringkita.

DAVE

Piring—ano?

NATHAN

Piringkita.

DAVE

*(matatawa)*

Joke ba 'yan?

NATHAN

Tange, hindi. Mabantot lang ang pangalan pero totoo ang mga piringkita. Mga espiritu sa gubat na nakakapagbago ng anyo. Shape-shifter sa English.

DAVE

Parang aswang?

NATHAN

Hindi. 'Yung mga aswang, may katawan. Sila espiritu lang. Walang may alam ng totoong hitsura nila dahil papalit-palit sila. Kaya raw nilang gayahin ang anyo ng mga tao. Pero sandali lang. Pwede ka nilang gayahin nang mabilisan lang.

DAVE

Pero anong gusto nila?

NATHAN

Ewan. Walang nakakaalam for sure. Basta ang alam ko, mahilig silang manligaw sa gubat. ‘Yung iba, natatagalan bago makabalik. Tulad ni Saul.

DAVE

Si Saul?

NATHAN

Oo. ‘Di mo ba alam yun? Halos lahat dito alam ang istorya ni Saul. Nung bata siya, camper din siya dito. Parang tayo. Naligaw siya sa gubat, ilang araw din, mahigit 1 week siguro bago siya nakita. Kaya nga may fence dyan eh. Dati naman wala ‘yan.

‘Di iimik si DAVE. Nag-iisip.

NATHAN

Bakit? Pumasok ka na ba diyan sa gubat? Sige ka, baka makursunadahan ka nila.

Hindi sasagot si DAVE pero iniisip pa rin niya ang sinasabi ni NATHAN. Mapapatingin siya sa gubat.

**43. EXT. HARDIN. DAY. LATER.**

Naglalakad si DAVE. Malalim ang iniisip. Mapapadaan siya kay DOLORES na nagsasampay ng mga kumot. Puro puti ang kulay ng mga sinampay. Matapos ay mararating niya ang mga kulungan ng kalapati. Nandoon si SAUL, kinukumpuni ang mga nasirang pinto ng kulungan.

DAVE

Anong nangyari d'yan?

SAUL

Basta nakita ko na lamang na ganito.

Mapapansin ni DAVE na may mga bakas pa ng natuyong dugo sa ilang bahagi ng kulungan. Sa isang banda, may mga patay na kalapati.

DAVE

Saul, anong nangyari kagabi?

Parang hindi siya pinapansin ni SAUL.

DAVE

Saul, naguguluhan ako.

Iiwas si SAUL.

DAVE

Sinong gumawa noon? SAUL!

SAUL

*(titigil sa ginagawa)*

Huwag kang mag-alala. Ang alam nila, mga taga-labas ang may gawa niyan.

DAVE

Pero paano? Ganoon kataas, ganoon kabilis?

SAUL

Hindi ko rin alam, Dave. At sa palagay ko, mas maigi nang huwag na lang alamin.

DAVE

Pero--- Kagabi, nakita kitang pumasok sa gubat n'ung naghiwalay tayo. Anong ginawa mo d'un?

SAUL

Hindi ko alam.

DAVE

Paanong hindi mo alam?

SAUL

‘Di ko na matandaan.

DAVE

‘Di mo matandaan? Kagabi lang ‘yun!

SAUL

Minsan talaga, gusto ko lang pumunta d’yan. Parang pakiramdam ko, ‘yan ang safe place ko. Na ligtas ako kasama nila.

DAVE

Sinong sila?

SAUL

Basta, mamaya na lang, Dave. May mga kailangan pa akong tapusin.

Maglalakad palayo si DAVE. Naguguluhan pa rin. Mapapansin niya si DOLORES na nagsasampay.

DAVE

Ate DOLORES.

DOLORES

Ano ‘yun?

DAVE

May itatanong lang po sana…

*(mag-aalinlangan pero tutuloy)*

Minsan… Kahapon… Minsan may nakikita akong ibang tao sa gubat. Sa kabila ng bakod… May nakatira ba---

DOLORES

Naku iho, ‘yan ang ‘wag na ‘wag mong gagawin.

DAVE

Wala naman po akong planong---

DOLORES

May mga rules tayo for a reason. Hindi ligtas sa labas. Maraming masasamang loob na iko-corrupt ang iyong isipan. Minsan-minsan, bihira lang, pero minsan nangyayari na ginugulo tayo ng mga taga-labas. Mga walang modo. Walang pinag-aralan. Tingnan mo nga ang ginawa nila d’yan o. Mga bastos! Mas safe kayo dito sa loob. At isa pa, masyadong malawak ang gubat. Baka maligaw ka---

DAVE

Tulad ni Saul dati?

DOLORES

Hindi ko alam kung saan mo narinig ‘yan pero oo, tulad ni Saul. Matagal na ‘yun. Basta naglayas ‘yan. Awa ng D’yos, nakauwi naman siya. Pero paano kung hindi?

DAVE

Ano raw nangyari sa kanya sa loob?

DOLORES

Tagal na ‘yun, Dave. Bagu-bago lang din ako dito noon. Ilang araw din siyang nawala, naligaw siya d’yan. D’yan. Sa gubat. Nakita siya sa may daan sa tabi ng gubat, siguro after 10 days pa. Pero wala naman siyang maalala kung anong nangyari sa kanya. Pero siguro, thankful siya dito sa Getsemani na nag-rescue sa kanya kaya bumabalik-balik siya dito. Baka kaya kahit na tumanda na siya, nag-asawa’t anak, dito niya pa rin pinili magtrabaho.

Waring hindi makapaniwala si DAVE.

DAVE

May asawa si Saul?

DOLORES

Oo, si Leah. Minsan dumadalaw dito. Kaybait ng misis n’yan. Bakit hindi ka makapaniwala? Sa tingin mo ba walang maglalakas loob pumatol d’yan kay Saul?

Mapapahagikhik si DOLORES. Si DAVE, seryoso pa rin.

DAVE

Dati rin s'yang camper dito, 'di ba? Tulad namin? Tapos ngayon may asawa na siya? Binago siya talaga ng camp na 'to?

DOLORES

Oo naman. Effective ang ginagawa natin dito. Tinutulungan namin kayong ituwid at ilayo sa kasalanan para makabuo kayo ng *tamang* pamilya, 'yung may blessing ng Panginoon.

Mapapatitig muli si DAVE kay SAUL sa malayo. May kausap ito na hindi niya makita kung sino dahil natatakpan ng katawan ni SAUL.

DAVE

Sige po, Ate DOLORES. Balik na po ako sa loob.

Magsisimulang maglakad palayo si DAVE habang nakatingin pa rin kay SAUL. Uusog pakanan si SAUL, sapat para maaninag ni DAVE ang katawan ng kausap pero natatakpan pa rin ang mukha. Babae ito. Sa muling pag-usog ni SAUL, makikita niya ang mukha ng babae – si DOLORES.

Maguguluhan si DAVE. Hindi ba't kausap niya lang si DOLORES kanina? Paanong nakarating siya agad doon? Lilingunin niya si DOLORES sa may sampayan. Makikita ang katawan nito na nagsasampay pa rin pero natatakpan ng mga sinampay na damit ang mukha.

Haharap siya muli sa direksyon nina SAUL at ng DOLORES na kausap niya. Mapapatingin sa kanya ang babae. Iiwasan niya ang tingin at lilingunin muli si DOLORES sa sampayan. Gulung-gulo siya. Pinaglalaruan ba siya ng mga mata niya. Pagharap niya muli kina SAUL, makikita niyang si PORTIA na ang kausap nito. Marahil ay namalik-mata lang siya.

**44. INT. MAIN HALL. DAY. LATER.**

Galit na galit si PASTOR. Nagpupuyos siyang nagsasalita sa harap ng mga campers na nakapalibot sa kanya.

PASTOR

Ang nangyari kagabi, 'yan, ganyan ang kalaban natin! Mga gawa ng demonyo! Sinasalaula ang maganda at marangal na ginagawa natin dito sa Getsemani! Hindi tayo papayag!

LAHAT

Amen!

PASTOR

Ang tanging sandata natin sa mga kampon ng demonyo ay panalangin at lakas ng loob na ituwid ang mga baluktot nating asal!

LAHAT

Amen!

PASTOR

Tandaan! Gaya ng sabi ng apostol na si Mateo… Dapat lagi tayong nakabantay. Dapat lagi tayong nananalangin. Dahil kahit ang kaluluwa ay nakahanda… anong sabi ni St. Matthew?

LAHAT

*(hindi sabay-sabay)*

Ang katawan ay mahina.

PASTOR

Amen. Kaya't samahan n'yo akong magdasal! Buksan ang inyong puso't isip, palayain ang makamundong mga pagnanasa, at tanggapin ang busilak na presensya ng Panginoon!

*(speaking in tongues)*

YABEKUKILUNAMEBAYEH!

YABEKUKIBAMEBAYEH!

Lahat ay susunod. Lahat ay bumibigkas ng mga salitang hindi nila maintindihan. Maliban kina NATHAN at DAVE.

Lahat ay nakaluhod, nakapikit, nakataas ang kamay, sinusubukang damdamin ang espiritu. May luhang tumutulo sa mata ng ilan.

Si DANIEL, babagsak sa sahig at mangingisay. Magugulat ang lahat. Pupuntahan agad ni SAUL para tingnan ang lagay habang nanonood lang ang lahat. Kitang-kita ang pag-aalala sa mukha ni NATHAN. Si DAVE, hindi makagalaw sa pagkabigla.

PASTOR

'Wag tayong tumigil sa panalangin. 'Yan ang Holy Spirit at work!

*(speaking in tongues)*

Lahat ay babalik sa panalangin.

NATHAN

Hindi ba tayo tatawag ng doktor?!

Pero nalulunod ng mga dasal ang boses niya. Tutulong na lang siya kay SAUL sa pag-asikaso kay DANIEL.

PASTOR

Iwinawaksi nya lang ang kanyang mga kasalanan!

Ipanalangin natin siya.

NATHAN

Tumawag kayo ng ambulansya!

Hindi na halos marinig si NATHAN. Napupuno ang silid ng mga hindi maintindihang dasal.

**45. INT. DAVE'S ROOM. NIGHT. LATER. INTERCUT WITH NEXT SEQ.**

Muling nakaupo sa sahig at nakasandal sa kanya-kanyang dingding sina DAVE at NATHAN. Nag-uusap. Higit na lumaki pa ang butas sa dingding.

DAVE

Kumusta na kaya si Daniel?

NATHAN

Ewan. Sana maayos na.

DAVE

Naniniwala ka ba?

NATHAN

Saan?

DAVE

Na sinasakop ng Holy Spirit ang katawan niya, kaya siya nagkaganun? Paano kung hindi Holy Spirit yun? Paano kung evil spirit pala?

NATHAN

Taga-amin yang si Daniel. Ang alam ko lang, may epilepsy ang tatay niya. Kaya 'di ako magtataka kung mayroon din siya.

*(beat)*

Bakit, naniniwala ka ba? Naniniwala ka ba sa lahat ng sinasabi ng Mahal na Pastor?

Nang-aasar ang tono ni NATHAN. Halatang siya mismo ay hindi naniniwala.

DAVE

Ewan. Iniisip ko na lang na baka tama sila? Na baka nga para sa ikabubuti natin ito? Na walang masama kung sumunod na lang?

Hindi sasagot si NATHAN. Hindi agad. Parang nag-aalinlangan sa susunod na gagawin. Mapapabuntung-hininga.

NATHAN

Silip ka.

DAVE

Bakit?

**46. INT. NATHAN'S ROOM. NIGHT. INTERCUT WITH PREVIOUS SEQ.**

NATHAN

Basta. Dami mo pang tanong. Basta sumilip ka.

Tatayo si NATHAN. Pupwesto sa kung saan makikita siyang mabuti ni DAVE, na ngayon ay nakasilip na. Unti-unting huhubarin ni NATHAN ang suot na polo.

DAVE

Hoy! Anong ginagawa mo? Bawal ‘yan, baka ---

Matitigilan sa pagngawa si DAVE nang makita ang mga pasa sa upper arms at sa dibdib ni NATHAN. Huhubarin din niya ang pantalon hanggang sa briefs na lang ang matira. Tatalikod siya. Ang likod ng kanyang hita ay halos kulay lila na sa dami ng pasa.

Halos malaglag ang puso ni DAVE sa nakita. Hindi niya naisip na ganito ang kondisyon ni NATHAN. Iiwas siya ng tingin. Babalik si NATHAN sa pagkakaupo.

DAVE

Bakit hindi ka magsumbong?

NATHAN

Sa tingin mo, hindi ko pa nasubukan? Lahat ng ito, maghihilom bago tayo umuwi. At kung maniwala man sila, iisipin lang nila na dapat sa akin ‘to, para tumino ako. Sabi nga ng nanay ko, baka deserved ko naman ‘to.

*(beat)*

Marami akong hindi naiintindihan sa mundo, sa kung ano ang tama at mali. Pero ito ang sigurado ako: hindi mali ang magmahal. Ang mali ay ang manakit.

**47. EXT. DAVE’S ROOM. NIGHT. DAYS LATER.**

NATHAN

*(spill, VO)*

‘Yung kay Daniel, paano malalaman kung masama? Ewan. Malay natin. Ano bang hitsura ng evil? Paano mo malalaman kung ang nasa harap mo ay mabuti o masama? Ang anghel ba ay laging maliwanag at naka-puti? Malumanay ang boses? Nakangiti? Ang demonyo ba, kapag nagpakita sa’yo, laging may sungay? May pangil? Nasa dilim?

Nakaupo sa bintana si DAVE. Nakita na naman niya si SAUL, naglalakad papunta sa bakod, sa gubat. May dalang kung ano pero hindi niya makita nang maayos. Aabutin ni DAVE ang kanyang flashlight.

**48. EXT. WOODS. NIGHT. MOMENTS LATER.**

Hinahanap ni DAVE si SAUL. Masyadong madilim at masukal. Hindi sapat ang liwanag galing sa flashlight niya.

NATHAN

*(spill, VO)*

Lahat naman ng tao, gusto nating isipin na lahat ng
ginagawa natin ay para sa ikabubuti natin o ng iba…
Lahat ng tao, kayang sabihin ‘yun. Madali lang ‘yun.

May naririnig siyang mga huni ng kuwago at mga kuliglig. Walang paglagyan ang kanyang takot ngunit mas nananaig ang kagustuhang alamin kung ano ang ginagawa ni SAUL. Pakiramdam niya ay may mga nagmamasid sa kanya. Sa tingin niya ay may mga gumagalaw sa likod ng puno pero hindi niya sigurado. Mamamatay ang flashlight niya. Pupukpukin niya ito para umilaw ulit. Tatama sa mukha niya ang liwanag, masisilaw siyang panandalian.

NATHAN

*(spill, VO)*

Pero sa tatlong beses kong pagtira dito, alam ko na
ang naghihiwalay sa mga mabubuti at masama ay
hindi kung ano ang sinasabi nila sa liwanag…

Sa malayo, may kaunting liwanag galing sa buwan na pumapasok mula sa mga puwang sa mga dahon sa itaas. Lalakad siya papunta doon. Makikita niya ang isang malaking puno.

NATHAN

*(spill, VO)*

… kundi kung ano ang ginagawa nila sa dilim, kapag
sa tingin nila, walang nakatingin.

Sa baba ng puno, si SAUL, nakatalikod, nakaluhod, nakalapat ang noo sa lupa. Maliwanag ang buwan kaya't kahit papaano ay may naaaninag siya.

Tatayo si SAUL. Hubo't hubad. Lalapit si SAUL sa mga bitbit nya kanina. Mga kalapati. Papakawalan niya ang mga ito. Mabagal pa rin ang kilos niya. Mistulan siyang sumasayaw, nagbibigay pugay sa buwan at sa mga puno.

May matatapakang patpat si DAVE. Magugulat pero mapipigilang lumabas ang boses sa kanyang bibig. Mapapatingin sa kanyang direksyon si SAUL ngunit makakapagtago siya. Sisilip siyang muli.

Wala na si SAUL. Ngunit pagtalikod niya ay makikita niya ang BATANG KALBO. Sa isa pang puno, lalabas ang isang BINATILYO 1. Sa kabila, may lalabas ulit na isa pang BINATILYO 2. At sa malayo, may isa pang BINATILYO 3. Lahat ay naka-abong damit. Lahat sila ay sesenyas na sundan sila. Maglalakad sila. Dahan-dahan. Sa kanyang pagsunod, mahahalabid si DAVE sa isang nakausling ugat. Matutumba siya at mapapayuko.

**49. INT. PASTOR'S OFFICE. NIGHT. LATER.**

Pagtunghay ni DAVE, nakatayo na siya sa loob siya ng opisina ni PASTOR. Madilim. Walang tao. Hindi niya alam kung paano siya nakarating dito. Ngayon pa lang niya mapapansin na sa kanyang harap, sa ibabaw ng mesa, ay may mga patay na kalapati. May gilit sa leeg. Naliligo sa dugo.

Mauulinigan ang boses ng mga bata at binatilyo galing sa pinto sa likod ng mesa. Bahagya itong nakabukas. Parang hinihila siya ng kung anuman ang nasa loob. May nag-uudyok sa kanyang pumasok. Susubukan niyang lumapit pero masasagi niya ang mesa.

Tatalikod siya at lalabas sa kwarto gamit ang main door. Ngunit mahihirapan siyang buksan. Hihilahin nya, wala pa rin. Hihinga siya ng malalim. Isa, dalawa, hila. Bigla itong bubukas. Tamang-tama ang dating ni NATHAN. Gusto niyang sumigaw sa magkahalong takot at *relief*, ngunit alam niyang hindi pwede.

NATHAN

Nakita kita galing sa gubat! Anong ginagawa mo dito? Bawal dito!

Hindi makaimik si DAVE.

NATHAN

Tara na. Baka may makakita sayo.

Lalabas si NATHAN. Susunod si DAVE.

**50. INT. DAVE’S ROOM. NIGHT. LATER. INTERCUT WITH NEXT SEQ.**

Muling nakaupo sa sahig at nakasandal sa kanya-kanyang dingding sina DAVE at NATHAN. Nag-uusap. Lalo pang lumaki ang butas sa dingding sa kanilang pagitan.

DAVE

Salamat ha.

NATHAN

Tange! Wala yun. Pero ano ba kasing nangyari?

DAVE

‘Di ko rin alam. Basta nasa gubat ako tapos isang iglap, andoon na ako sa office ni Pastor.

NATHAN

Tinatawag kita.

DAVE

Kailan?

NATHAN

Mula paglabas mo sa gubat hanggang pumasok ka sa office. Tinatawag kita. Pero hindi mo ako naririnig. Dire-diretso ka lang.

DAVE

Wala akong matandaan.

NATHAN

Kaya ‘wag ka nang papasok sa gubat.

Katahimikan.

DAVE

Nathan.

NATHAN

O bakit?

DAVE

Kapag sumisilip ka sa bintana mo, kapag napapatingin ka sa may bakod, sa may gubat… may nakikita ka bang--

DAVE & NATHAN

*(Sabay)*

Mga bata?

DAVE

*(manlalaki ang mga mata)*

Nakikita mo rin sila?!

NATHAN

Oo naman. 'Yung iba, parang ka-edad natin. Pero hindi ko sila pinapansin. Baka kasi piringkita sila.

DAVE

Mga nanggagaya ng anyo? Pero bakit wala naman silang ginagaya sa atin? Except n'ung…

NATHAN

Except n'ung ano?

DAVE

Dati kasi, parang nakita ko si Ate Dolores sa dalawang lugar. At saka noong mga unang gabi ko

dito, akala ko nakita kita sa hallway tapos biglang—

basta.

NATHAN

Huy! Walang ganyanan! Kakatakot ka naman.

DAVE

Ano kayang gusto nila?

NATHAN

*(magfe-flex ng bisig)*

Baka gusto nila itong napakakisig kong katawan. Naku, sabi pa naman ni Pastor, ang katawan ay mahina.

DAVE

Puro ka kalokohan.

NATHAN

Basta, ‘wag kang sasama sa kanila. At ‘wag ka nang papasok sa gubat. Ako, maliban na lang kung talagang wala akong choice, hinding hindi ako papasok d’yan.

DAVE

Pero hindi ka ba nacu-curious?

NATHAN

Saan?

DAVE

Sa mundo nila.

NATHAN

Minsan. Hayaan mo, ‘pag nakuha nila ako, ire-recruit din kita.

DAVE

Puro ka naman biro eh. Tulog na nga tayo!

Ngingiti. Mahihiga sila pareho.

**FADE TO BLACK:**

**FADE IN:**

**51. INT. PASTOR'S OFFICE. THE NEXT DAY.**

Papasok sa opisina si PASTOR. Pagbukas niya pa lang ng pinto, magugulantang na siya sa kanyang nakita. Mga patay na kalapati sa kanyang mesa. Ang mga pictures n'ya, may mga bahid ng dugo.

*ALARM!*

**52. INT. HALLWAY. DAY. LATER.**

Papalabas ang lahat ng campers ng kwarto, kasama sina DAVE at NATHAN na magkakatinginan. Lahat bagong gising.

**53. INT. MAIN HALL. DAY. LATER.**

Lahat ng campers ay nakaangat ang mga braso at nakaluhod sa asin. Sa harap, nagpupuyos sa galit si PASTOR.

PASTOR

*(malumanay pa rin ang boses)*

Wala? Walang makakapagsabi kung sinong nangbaboy sa opisina ko?

**54. INT. HALLWAY. DAY. MONTAGE - SIMULTANEOUS.**

PASTOR

*(VO spill)*

…Kung ganoon, lahat kayo ay mapaparusahan. Lahat kayo ay magtitiis hanggang walang umaamin o makakapagturo kung sino…

Bukas ang lahat ng pinto ng mga kwarto. Hinahalughog nina PORTIA at DOLORES ang bawat isa.

**55. INT. DAVE’S ROOM. NIGHT. SIMULTANEOUS.**

PASTOR

*(VO spill)*

…Ganito ba ang gusto n’yo? Ang pagbayaran ng lahat ang kasalanan ng iilan?

Hinahalungkat ni PORTIA ang mga gamit ni DAVE. Sisilipin ang ilalim ng kama. Pati loob ng gitara ay chinecheck. Dadadan-daanan niya ng side table ngunit hindi naman niya ito papansinin.

**56. INT. NATHAN’S ROOM. NIGHT. SIMULTANEOUS.**

PASTOR

*(VO spill)*

…Mula ngayon, mas magiging mahigpit ang pagpapatupad natin ng mga alituntunin dito sa

tahanan natin! Masyado kayong spoiled! Masyado kayong kinalinga ng mga ina n'yo! Kaya kayo nagkaganyan…

Hindi rin napapansin ni DOLORES ang side table ni NATHAN. Nakapatas din sa kama ang mga laman ng aparador ni NATHAN. Wala rin siyang makikita.

Papalabas na dapat si DOLORES at papasara na ng pinto nang mapansing may pantalong nakasabit sa likod nito. Titingnan niya ang laman ng mga bulsa.

**57. INT. MAIN HALL. DAY. LATER.**

Naglilitanya pa rin si PASTOR.

PASTOR

*(malumanay ang boses)*

Mula ngayon wala na tayong palalagpasing pagsuway. Lahat ay pagbabayaran!

Papasok sa silid sina PORTIA at DOLORES. Lalapit ang huli kay PASTOR at bubulong. Matapos ay may iaabot na papel. Titingnan ni PASTOR. Makikita ang pagliyab ng galit sa mukha tapos ay babalik sa maamo ang hitsura.

PASTOR

Minsan, pinapalagpas ko ang bastos na mga salita mo pero hindi ito… Nathan.

Magugulat si NATHAN. Ipapakita ni PASTOR ang centerfold poster ng hubad na male singer sa lahat. Ito ang page ni pinunit nya sa songbook upang hindi mahuli si DAVE ilang linggo na ang lumipas. Lalapit sina DOLORES at PORTIA kay NATHAN at pipilitin siyang ilabas sa kwarto sa kabila ng pagpipiglas nito. Magpo-protesta si DAVE.

DAVE

Mahal na Pastor, akin po ‘yang poster!

PASTOR

‘Wag mo na siyang ipagtanggol, Dave. Alam natin parehong hindi ka mahilig lumabag sa batas dito. Pero si Nathan… matagal na naming tinitiis ang mga kalapastanganan niya.

Igigiit ni DAVE ang totoo pero hindi siya papaniwalaan ni PASTOR. Sesenyasan din siya ni NATHAN na tila nagsasabing “OK lang. Sanay na ako,” habang inilalabas siya ng main hall.

**58. INT. DINING AREA. DAYS LATER.**

Lunch. Kumakain lahat. Hinihintay ni DAVE si NATHAN pero magsisimula na silang kumain kahit wala siya.

DAVE

Si Nathan po?

PASTOR

Dave, focus tayo sa breakfast. I-appreciate natin ang biyaya ng Diyos.

DAVE

Pero—

PASTOR

Dave!

Mapapatingin siya sa blankong upuan ni NATHAN sa mesa.

**59. INT. DAVE'S ROOM. NIGHT. LATER.**

Nakahiga lang sa kama si DAVE. 'Di mapakali. Sisilipin ang butas. Hindi ito completely natakpan kaya't kita niya pa ang ibang parte ng kwarto. Walang tao. Wala si NATHAN.

Kukunin niya ang gitara at uupo sa sahig katulad ng dati. Pero hindi siya maka-focus sa pagtugtog.

May maririnig siyang katok sa dingding. Excited siyang sisilip sa butas. Walang tao ngunit tila may gumagalaw sa may bintana. Hindi niya makita nang maayos. Parang may kulay itim sa may bintana. Hihintayin niyang gumalaw kung sino 'yun. May aninong nakasabit sa may bintana. Bigla itong lilingon sa kanyang direksyon! Parang nanlilisik ang mga mata. Mapapalayo siya sa dingding.

Ipipikit niya ang mga mata. Tila ayaw paniwalaan ng utak niya ang nakita. Maya-maya, parang may maririnig siyang bumubulong sa kabilang kwarto, parang tinatawag. Labag man sa kalooban, sisilip siyang muli.

Wala nang tao sa loob. Makikita niyang nagsara ang pinto sa kwarto ni NATHAN. Parang may lumabas.

**60. INT. HALLWAY. NIGHT. MOMENTS LATER.**

Madilim. Makikita niya si NATHAN na naglalakad palabas ng hallway, pababa ng hagdan. Susundan niya ito.

**61. EXT. WOODS. NIGHT. LATER.**

Tulad ng dati, pakiramdam niya ay may nagmamasid sa kanya at may mga gumagalaw sa likod ng mga puno.

Naririnig niya rin ang pagtapak nila sa mga sangang nahulog. Pero hindi niya ito nakikita. Nagpunta siya sa dating pwesto kung saan niya nakita si SAUL dati na nagdarasal. Subalit ngayon, wala si SAUL. Sa halip, ang nandito ay mga aninong wangis tao. Nagpapakalunod sila sa liwanag ng buwan. Lahat kulay itim. Lahat matatangkad. Lahat ay mabagal kumilos. Parang ritwal. Lahat ay nagdarasal ngunit walang tunog. Tanging pagsayaw lang ng mga dahon at mga huni ng kuwago ang maririnig.

May kakaluskos sa kanyang likod. Mapapalingon siya. Wala naman. Titingnan niya muli ang mga anino. Biglang may hahawak sa kanyang braso. Hihilahin siya. Si SAUL. Hinahatak siya papunta sa puno. Aabutan siya ng isang bagay at ilalagay sa loob ng kanyang bulsa. Yuyuko siya para tingnan kung ano ito – isang maliit na susi.

**62. INT. PASTOR'S OFFICE. NIGHT. LATER.**

Pagtunghay ni DAVE, nasa opisina na siya ni PASTOR. Hindi na naman niya namalayan na nakarating siya dito. Sa harap niya, natutulog sa sofa si PASTOR mismo. Hubad, maliban sa pangloob. Ang isang kamay niya, nasa loob ng brief. Mukhang nakatulog habang sapo ang kanyang maselang bahagi.

Makikita niyang bukas ang pinto sa likod ng mesa. Papasok siya. May hagdan ito pababa.

**63. INT. BASEMENT. NIGHT. CONTINUOUS.**

Madilim. May mesa. May padapang nakabaluktot dito. Nakadikit ang pisngi sa ibabaw. Hubo't hubad. Nakaposas ang mga kamay sa dalawang dulong sulok ng mesa. Si NATHAN.

NATHAN

Dave! Anong ginagawa mo rito?

Magpa-panic si DAVE. Susubukang pakawalan si NATHAN.

DAVE

Hindi ko alam. Sinundan lang kita papunta sa gubat tapos andito na ako.

NATHAN

Tange! Hindi ako 'yun!

DAVE

Paano ba tatanggalin 'to?

NATHAN

Yung susi, nasa bulsa nung pantalon ni Pastor. Nasa kwarto.

Babalik si DAVE sa office.

**64. INT. PASTOR'S OFFICE. NIGHT. LATER.**

Papasok si DAVE. Tulug na tulog pa rin si PASTOR. Makikita niya ang pantalon. Nasa sahig.

Kukunin niya ang isang bungkos ng susi sa bulsa. Mapapaatras si DAVE pero may matatapakan siyang gagawa ng tunog. Bote ng petroleum jelly sa sahig. Katabi ng poster ng hubad na male singer sa sahig – ang centerfold sa songbook niya na kinumpiska nila. Gagalaw si PASTOR ngunit mag-iiba lang pala ng pwesto. Bababa siya muli.

**65. INT. BASEMENT. NIGHT. LATER.**

Maraming susi. Susubukan niya ang isa ngunit hindi tama. Parating hindi nagbubukas ang posas. May ingay mula sa kwarto. Gising na si PASTOR.

NATHAN

Hayaan mo ako dito.

DAVE

Hindi. Dalawa na lang 'to.

Hindi alam ni DAVE kung alin ang pipiliin. Bubukas ang ilaw sa kwarto. Pipili siya.

NATHAN

Umalis ka na, Dave. OK lang ako.

Umalis ka na at baka mahuli ka.

DAVE

Ito na.

Susubukan ang susi. Hindi tugma. Ayaw magbukas.

DAVE

Shet!

Susubukan niya ang natitirang susi.

DAVE

Ito na ‘yung last. Ito na ‘to.

Hindi pa rin gagana.

NATHAN

Dave, makinig ka sa akin. Hindi ko first time ‘to. Hayaan mo na ako. Malamang bukas, papakawalan na rin ako.

Nag-aatubili si DAVE ngunit masasagi ng kanyang kamay ang kanyang bulsa. Bigla niyang maaalala ang susing inabot ni SAUL sa kanya sa gubat.  Biglang bubukas ang pinto. Kakabahan si DAVE. Buti na lang, bahagya pang nakapikit si PASTOR.

Iaabot nya ang susi kay NATHAN bago lalayo upang magtago sa may hagdan.

Mulat na si PASTOR. Habang naglalakad palapit kay NATHAN, lalabas si DAVE. Nagulantang siya sa kanyang mga nakita ngayong gabi.

**66. INT. DINING ROOM. DAY. THE NEXT MORNING.**

Tanghalian. Bakante pa rin ang upuan ni NATHAN.

DAVE

Ate Dolores, kailan daw po babalik si Nathan? OK lang daw po ba siya?

DOLORES

‘Nak, wag mo na lang isipin ‘yun. I’m sure OK lang ‘yun. Ang isipin mo ay ‘yang tanghalian mo at baka lumamig.

Wala siyang gana.

**67. INT. DAVE’S ROOM. NIGHT. LATER.**

Tinititigan ni DAVE ang gubat mula sa kanyang bintana. May kakalabog sa kabilang kwarto. Lalapit siya kaagad sa butas upang silipin si NATHAN.

**68. INT. NATHAN'S ROOM. NIGHT. LATER.**

Mula sa butas, makikita ni DAVE na kakapasok lang ni NATHAN sa silid niya. Walang ekspresyon sa kanyang mukha. Mukha siyang pagod. Mukhang walang sigla. Dahan-dahang lalapit si NATHAN sa kama pero halatang nahihirapan siyang umupo. Parang may dinadalang sakit sa katawan. Tatawagin siya ni DAVE.

DAVE

*(mula sa butas)*

Pssst! Nathan!

Hindi siya naririnig ni NATHAN.

DAVE

Dito! Sa butas!

Mistulang wala sa sarili si NATHAN. Hindi niya alam kung saan titingin. Hindi niya alam kung saan nanggagaling ang tunog.

**69. INT. DAVE'S ROOM. NIGHT. LATER.**

Magpapalit ng matang isisilip si DAVE. Andun pa rin nakaupo si NATHAN, wala sa sarili. Mapapatingin si DAVE sa kabilang side ng kama. May makikita siyang anino -- katulad ng aninong nakita niyang nagsasayaw sa gubat. Nakatayo siya ngayon sa likod ni NATHAN.

Magugulat si DAVE. Magpa-panic. Sisilipin niya muli. Wala na ngayong tao sa kwarto ni NATHAN. Isa-scan niya ang silid. Hindi na niya ito makita. Nang biglang may itim na aninong may puting mata ang sisilip sa butas.

Magi-gitla si DAVE. Dali-daling bubuksan ang pinto para puntahan si NATHAN. Ngunit nasa pinto na niya si NATHAN.

DAVE

*(nagpa-panic)*

Pasok ka, dali! May something sa kwarto mo!

Tutuloy lang sa kama si NATHAN. Uupo. Mahihiga. Dito pa lang makikita ni DAVE ang lawak at tindi ng mga sugat at pasa ni NATHAN.

DAVE

Safe ka na. Safe ka dito.

Tatayo si DAVE. Pagmamasdan si NATHAN.

DAVE

Wait lang. Babalik ako. Kukuha lang ako ng gamot.

Lalabas si DAVE.

**70. INT. KITCHEN. NIGHT. CONTINUOUS.**

Bubuksan ni DAVE ang drawer para kumuha ng towel. Kukuha rin sya ng mga gamot sa medicine cabinet. Bubuksan niya ang freezer, kukuha ng ice. Bago niya maisara ang freezer, hindi niya mapipigilang maiyak dahil sa awa at pagod. Pero aayusin niya ang sarili at aalis.

Habang pabalik siya, mapapatingin siya sa labas. Sa may bakod, sa may gubat, parang nakita niya si NATHAN na nakatayo. Nakangiti sa kanya. Pero parang may kakaiba. May hindi tama. Naalala niya ang mga piringkita.

DAVE

*(hahagulhol)*

Alam kong hindi ka totoo. Tigilan n'yo na ako, parang awa n'yo na! Wala akong balak sumama! Tigilan n'yo na ako!

Papahirin n'ya ang kanyang mga luha. Sa isang idlap ay bigla itong nawala. Itutuloy niya ang paglalakad pabalik sa kwarto.

**71. INT. DAVE'S ROOM. NIGHT. MOMENTS LATER.**

Dinadampian ni DAVE ng yelo ang mga pasa ni NATHAN. Huhubaran niya ito upang linisin ang ibang sugat. Habang ginagawa niya ito, bumabalik sa kanyang ala-ala ang mga halik at haplos na lagi niyang napapanaginipan.

**72. INT. BEDROOM – FLASHBACK.**

*Extreme closeup ng halik.*

Walang anu-ano'y maririnig ang galit na sigaw ng isang lalaki sa likod. Makikitang maghihiwalay ang mga labi.

LALAKI

TANG-INA! MGA BABOY! LINTIK!

May hihila sa kanya. Sasapakin siya sa mukha. Gugulpihin. Magmamakaawa siya. Mukha lang ni DAVE ang nakikita natin.

DAVE

Tama na, Pa! Pa! Tama na po!

Susuntukin siya sa mukha. Puputok ang labi niya. Mawawala ang ekspresyon niya. Tinatanggap na lang ang mga sakit. Biglang may hihila ulit sa kanya.

**73. INT. DAVE'S ROOM. DAY. PRESENT DAY.**

Umaga na.

May humihila sa mga braso ni DAVE. Si PASTOR, galit na galit. Pagmulat niya, makikita niyang nakayakap pala siya sa hubad na si NATHAN.

PASTOR

MGA DEMONYO! MGA BABOY! HINDI NA KAYO NAHIYA!

Nasa loob din ng kwarto sina PORTIA at DOLORES, kita ang pagka-dismaya – at pandidiri – sa kanilang mga mukha. Pareho silang sapilitang ilalabas ng kwarto.

**74. INT. MAIN HALL. DAY. LATER.**

Nandito ang lahat ng mga campers sa main hall kasama si SAUL. Darating sina PASTOR at ibang staff, pilit na pinapapasok sa loob sina DAVE at NATHAN, na hubad pa rin.

PASTOR

Kaya pala wala sila buong umaga ay dahil abala sila sa pagsuway sa pinaka-importanteng alituntunin natin dito! Tama ba 'yun? Sumagot kayo! Sayang naman ang boses na binigay sa inyo ng Diyos kung hindi n'yo gagamitin!

Walang sasagot. Si NATHAN, parang wala na sa kanyang sarili. Nawala na ang dating sigla.

PASTOR

TAMA BA?!?!?

LAHAT (softly)

Hindi po.

PASTOR

Tapos na tayo sa mga tapik sa kamay na parusa. Kung ang Diyos mismo ay sinunog niya ang buong Sodom at Gomorrah dahil sa kanilang kasalanan, hindi tayo papayag na ganoon din ang mangyayari sa atin dahil lamang sa kababuyan ng iba!

Iaabot ni DOLORES ang paddle. Hahampasin ni PASTOR ang mga hita ni NATHAN, na hindi nagsasalita. Sa bawat hampas, parang si DAVE ang nasasaktan.

DAVE

Please. ‘Wag siya. Wala siyang kasalanan, ginamot ko lang ang mga sugat niya.

Lalapit sa kanya ang PASTOR.

PASTOR

Huli na nga kayo sa akto, itatanggi mo pa. Wag kang sinungaling.

Haharap sa lahat.

PASTOR

*(sa lahat)*

Nawa'y magsilbing aral sa inyo. Dahil sa kabilang buhay, higit pa sa ganito ang naghihintay sa inyo kung hindi ninyo itutuwid ang mga baluktot!

Hindi ba kayo natatakot sa mundong babagsakan ninyo kung itakwil kayo ng diyos?

LAHAT

Amen!

Gustung-gustong sumagot ni DAVE. Gusto niyang isumbat sa mukha ni PASTOR ang lahat ng nakita niya. Ngayon pa lang niya ito gagawin. Hindi niya mapipigilan ang sarili.

DAVE

1 John 4:18.

PASTOR

*(kay Dave)*

Ano yun?

DAVE

1 JOHN 4:18. Walang takot sa pag-ibig. Ang ganap na pag-ibig ay nagtataboy ng takot.
Kung sinasabi mong iniibig mo ang Diyos, ngunit namumuhi ka sa iyong kapwa, SINUNGALING KA.
Sapagkat kung hindi mo kayang ibigin ang iyong kapwa, paano mo iibigin ang Diyos?

Sasampalin siya nang malakas ni PASTOR.

PASTOR

Kailan ka pa natutong sumagot?

DAVE

Nung may nagsabi sa akin na sayang naman ang boses na binigay sa'kin ng Diyos kung hindi ko gagamitin.

Magugulat si PASTOR.

PASTOR

*(sa lahat)*

Gusto kong sabayan n'yo akong ipagdasal sila. Silang mga makasalanan ang kaluluwa at mahihina ang laman!

Magtitipun-tipon paikot ang mga campers. Magtataas ng kamay si Pastor. Gagaya ang lahat. Ang iba ay sabay-sabay na pipikit.

PASTOR

*(speaking in tongues)*

YAHEJUWIMGUSHARIMIWETUBA!

Gagaya ang lahat. Magsi-speak in tongues. Mayroong mga tumutulo ang luha dahil sa pagkadala sa pagdarasal. Tila hindi alintana ang brutal na pagpapahirap na nagaganap sa kanilang harap.

PASTOR

*(speaking in tongues)*

YAHEJUWIMGUSHARIMIWETUBA!

Ang salita ng Diyos: Huwag ninyong dayain ang inyong sarili! Ang mga makasalanan ay walang bahagi sa kaharian ng Diyos!

Sisimulan ni PASTOR na hampasin ang mga binti ni DAVE sa gitna ng nakabibinging mga dasal. Patuloy pa rin ang pagsigaw ni DAVE.

DAVE

INYO NA. INYO NA. Kung ganito ang lugar na
naghihintay sa langit, huwag nyo na akong isama!
Peke ang lugar na ‘to!

Ngunit nalulunod ng mga dasal ang kanyang mga sigaw. Hindi niya alam kung alin ang mas masakit: ang pagtama ng kahoy sa kanyang kalamnan o ang makitang walang nakikinig sa kanya. Tinatanggap na lang niya ang bawat hagupit.

**75. EXT. HARDIN. NIGHT. LATER.**

Pilit na dinadala ni PASTOR at SAUL si DAVE. Si NATHAN naman, bitbit ni DOLORES at PORTIA. Papunta sila sa basement.

Si DAVE, mapapatingin sa gubat. Maaaninag niya ang kamukha ni NATHAN, katabi ng BATANG KALBO, nakatayo pareho sa kabila ng bakod. Ngunit isang kurap lang, naglaho na. Mapapatingin siya kay NATHAN na hawak-hawak ni DOLORES.

Walang anu-ano’y matatapilok si SAUL at mapapabitaw sa pagkakahawak. Sasamantalahin ni DAVE ang pagkakataon upang makawala. Sisikuhin niya si PASTOR at tatakbo papunta sa gubat, sa may butas ng bakod.

Halos malusaw ang puso niya nang makitang selyado na ang butas. Natakpan na ito ng isang layer pa ng metal net. Hindi na siya makakalusot. Dahil hinahabol pa siya ng staff, magpapasya siyang akyatin na lamang ang bakod. Mararating niya ang tuktok pero mahahagip ni PASTOR ang kanyang paa at pilit siyang hihilahin pababa. Ang mga wires ng bakod ay tumutusok na rin sa isa niyang hita at braso.

Iipunin niya ang natitira niyang lakas at tatadyakan sa mukha ang PASTOR. Uukit ang ibang wires sa kanyang mga hita. Magdurugo ang mga ito ngunit sapat na iton upang makaalpas siya. Tatalon siya sa kabila ng bakod.

Nagmamadaling pupunta si PASTOR sa kabilang gilid, sa front gate, para habulin siya. Si DAVE naman ay tatakbo palayo. Bago siya pumasok sa gubat, bibigyan niya ng isang huling sulyap si NATHAN, na mukhang walang nararamdaman habang hawak-hawak nina DOLORES at PORTIA.

DAVE

*(sa sarili)*

Babalikan kita, pangako.

Magsisimula siyang maglakad papasok sa kakahuyan.

**76. EXT. WOODS. NIGHT. LATER.**

Gusto ni DAVE makalayo sa bahay hanggang sa kanyang makakaya. Sa wakas, titigil siya upang habulin ang hininga. Makikita niyang nababalot na rin ng dugo ang kanyang hita at binti dahil na rin sa pagtusok ng mga wires ng bakod. Aalisin niya ang isang dahon na dumikit dito. Guguhit ang sakit sa kanyang mukha.

*Pssstt!*

Lilingunin niya. Walang tao.

*Psssssssttt!*

Sa kabilang banda, makikita niya ang isang anino. Matangkad. Papalapit naglalakas. Ubod ng bagal kung gumalaw. Tatakbo siya sa kabilang direksyon.

May makikita ulit siyang anino. Dalawa. Parehong matangkad. Tatakbuhan niya muli. Makikita niya ang malaking puno kung saan niya nakita si SAUL dati. Alam niyang mahalaga ito sa mga anino kaya tatakbo siya palayo dito.

**77. EXT. WOODS. NIGHT. LATER.**

Pagud na pagod na si DAVE pero hindi siya tumitigil sa pagtakbo kahit iika-ika. Mapapaupo siya at magtatago sa likod ng isang punong nakatumba upang habulin muli ang paghinga.

May naririnig siyang kaluskos. Alam niyang kailangan na niyang makalabas ng gubat. Pagtayo niya, makikita nya ang lima o anim na aninong sinusundan siya. Tatakbo siya muli. Paglingon niya, andito na naman ang malaking puno. Parang umiikot-ikot lang siya. Lilisanin niya na rin sana subalit…

PSSSSSSSTTTT!!!! DAVE!

Si NATHAN. Nakatayo malapit sa puno. Hubo't hubad. Wala na ang mga pasa at sugat. Maaliwalas ang mukha nito. Ngingiti ito sa kanya. Dahan-dahan siyang lalapit, unti-unting bibilis, hanggang sa tumatakbo na siya para yakapin si NATHAN. Ngunit tumatagos ang mga hawak niya. Hindi alam ni DAVE ang mga nangyayari.

NATHAN

*(matatawa)*

'Wag kang mag-alala, Dave. Hindi ako multo.
At hindi ako patay.

DAVE

Hindi ko naiintindihan.

NATHAN

OK lang. Ganyan din ako ng nakita ko si Saul dito.

DAVE

Si Saul? Andun siya…

NATHAN

Hindi siya. Hindi si Saul na nagpahiram sayo ng gitara, hindi siya si Saul. Ito ang totoong Saul.

Ituturo niya ang BATANG KALBO. Ito ang parehong batang nakikita ni DAVE sa may bakod. Kasama niya ang napakarami pang ibang mga bata at binatilyo, mahigit dalawang dosena. Lahat sila, naka-kulay abo.

NATHAN

‘Yung Saul na andun, tulad siya nila.

Titingin siya sa paligid. Napapalibutan sila ng mga aninong mababagal gumalaw.

DAVE

Hindi ko pa rin---

NATHAN

Naalala mo nung nakita mo ako sa basement nung isang gabi? Gumana ‘yung susi na iniwan mo. Nakatakas ako. Dito ako nagtago. Nakita nila ako. At

binigyan nila ako ng alok. Na kung pahihintulutan ko, ibibigay ko sa kanila ang aking katawang lupa kapalit ng bagong buhay.

DAVE

Bagong buhay? Paanong---

*(titingin sa paligid)*

NATHAN

'Yung Nathan na kasama mo kagabi, hindi na ako 'yun.

DAVE

*(nagulantang)*

Bakit, Nathan?

NATHAN

Pagod na ako, Dave. Ikaw ba, hindi ka pa ba pagod? Ayaw mo bang tumira sa ibang mundo? Yung hindi ka sinasaktan?

DAVE

Kahit gustuhin ko man, hindi ko alam kung anong mundo ang naghihintay sa akin dito.

NATHAN

May mas lalala pa ba sa mundong ito?

*(beat)*

Kaya nating maging masaya. Mas mapagpatawad ang kalikasan kaysa sa tao.

Lalapit si NATHAN at hahawakan ang kamay niya. Muli, tatagos ito.

NATHAN

Alam mo ba kung gaano ko katagal hinintay na mahawakan ang kamay mo. Sa kabila, sa mundo nila, maaari na nating gawin ‘yun. Walang pipigil sa atin.

*(beat)*

Kailangan mo lang silang bigyan ng pahintulot na angkinin ang katawan mo, at kaya nilang palayain ang ‘yong kaluluwa.

May aninong bahagyang lalapit kay DAVE, mabibigla siya at mapapa-atras.

NATHAN

Huwag kang mag-alala. Hindi ka nila magagalaw. Walang sapilitan dito, hindi tulad doon sa mundo

natin. Pinipilit nila tayong magbago at umayon sa
kanila. Pero dito, wala silang pwedeng gawin sa'yo
nang wala kang pahintulot.

DAVE

Pahintulot?

NATHAN

Oo, lahat kami dito, kusa naming pinili na iwanan ang mundo natin…

Mapapatingin si DAVE sa paligid, sa mga mukha ng mga bata at mga binatilyong pawang mga dating campers sa Getsemani.

DAVE

Kung sasama ako, paano ang mga mahal ko sa buhay?

NATHAN

Mahal ka ba talaga nila? Sa kung ano ka? Kung sino ka? O mamahalin ka lamang nila kapag nagbago ka na? Kapag naituwid ka na? Kung mahal ka nila, mahal ka dapat nila ngayon. Mahal ka dapat nila nang walang kondisyon.

*(beat)*

Ako, mahal kita.

Mamasdan muli ni DAVE ang paligid. Maging ang mga aninong kanina’y kinakatakutan niya ay nakakasanayan na rin niya. Hindi na siya natatakot sa kanila.

DAVE

*(umiiyak)*

At kung papayag ako? Anong mangyayari kung papayag ako?

NATHAN

Dito, magkasama tayo. Magkahawak ng kamay. Ikaw at ako.

DAVE

At sa katawan ko?

**78. EXT. ROAD SIDE NEAR WOODS. NIGHTS LATER - FLASH FORWARD**

Lalabas ang isang lalaki sa gubat. Maglalakad sa kalsada. Mag-isa. Gume-gewang-gewang pa. Tila ilang araw nang walang makain. Tila ilang araw nang nawawala.

NATHAN

*(VO, spill)*

Isa sa kanila ang mananahan sa katawan mo. Lalabas siya sa gubat na itong walang alaala ng kanyang nakaraan dito sa gubat…

May titigil na sasakyan. Minamaneho ng isang TANOD.

TANOD

Ayos lang ho kayo?

Maiilawan ang mukha ng lalaking galing sa gubat -- si DAVE. Nasisilaw.

**79. INT. GETSEMANI LOBBY. NIGHT. MOMENTS LATER.**

Papasok ang TANOD, kasunod si DAVE. Mapapatayo sa tuwa si MAMA. Dali-dali syang yayakapin.

NATHAN

*(VO, spill)*

…Mamumuhay siya bilang ikaw. Bagong buhay bilang tao…

Sa bulletin board ng GETSEMANI HOME, makikita ang poster na MISSING: DAVID DUGAL. Dalawang linggo na pala syang nawawala. Lalapitan siya nina PASTOR at DOLORES para painumin ng tubig.

**80. EXT. FRONT YARD. DAY. THE NEXT MORNING.**

Nagsipagliliparan ang mga kalapati mula sa camp grounds. Graduation na.

May dalawang sasakyang nakaabang sa harap ng bahay. Ang isa ay kotse ng MAMA at PAPA ni DAVE. Ang isa naman ay owner-type jeep ng MGA MAGULANG ni NATHAN. Lahat sila, maging sina NATHAN at DAVE, ay nakaputi.

Panandaliang magkakatinginan sina DAVE at NATHAN pero parang hindi na sila magkakilala. Walang ngiti. Walang kahit anong emosyon. Parehong mabagal kumilos.

NATHAN

*(VO, spill)*

Ipapanalangin na lang natin na tratuhin siya bilang tao.

Sasalta ang dalawa sa sasakyan. Aandar ang mga ito palayo sa paskil na GETSEMANI HOME FOR BOYS.

**81. EXT. WOODS. NIGHT. BACK TO PRESENT.**

Nakatayo sa gitna ng mga anino sina DAVE at NATHAN. Iaalok ni NATHAN ang kanyang kamay.

NATHAN

‘Wag kang matakot, Dave. Hindi ka dapat matakot.

DAVE

Hindi ko alam kung ano ang nararamdaman ko. Pero alam kong hindi ako takot.

Ngingiti lang si NATHAN.

NATHAN

“Walang takot sa pag-ibig…”

Mapapangiti rin si DAVE sandali.

DAVE

Masaya ka ba ngayon? Dito? Masaya ka ba?

NATHAN

Depende.

DAVE

Depende saan?

NATHAN

Depende kung sasama ka.

Makikita ang pagkalito kay DAVE. Pupunasan niya ang kanyang mga luha.

*Close up sa kamay ni NATHAN na hinihintay ang kamay ni DAVE.* Dahan-dahang papasok sa frame ang kamay ni DAVE, nanginginig, nakaakmang kakapit sa kamay ni NATHAN, ngunit may pag-aalinlangan.

Kung saka-sakali, kung pipiliin ni DAVE, ito ang unang pagkakataong mararamdaman nila ang dampi ng isa't isa.

**CUT TO BLACK**

----WAKAS----